
Magasin ng BAGONG Buhay

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY

MARSO
31
1957









Ang "Karaniwang Tao"... at ang kanyang Dakilang Libing...








## AYON SA KANILA...

Mahal na Araw na naman. Muli nating masasaksihan ang banal na kaugalian ng mga kristiyano kung sumasapit ang ganitong panahon. Makakita na naman tayo ng mga taong nagpapahirap sa kanilang sarili, o ang mga nagpipinitensiya, bilang paghuhugas ng kanilang mga kasalanan. Iyan ay isang kaugaliang ikinalalapit umano sa Diyos ng mga kinauukulan. Nguni't sa ganang amin, ang lalong mabuting pagpipinitensiyang magagawa ng tao upang maging karapatdapat sa Diyos ay paggawa ng mabuti sa kapuwa. Halimbawa'y ang paglilimos sa mga pulubi at iba pang mga kapus-palad, ang paghahandog ng tulong sa mga nangangailangan, ang pagdamay sa mga inaabot ng kapansanan sa buhay, gayondin naman ang mataimtim na pagtitika sa mga nagawang pagkakasala. Iyan, sa palagay namin, ang higit na mabuting magagawa ng mga kristiyano kung Mahal na Araw upang lalong mapalapit sa kalooban ng Maykapal. —*Demetria G. Sebastian, Lipa, Batangas.*

---

Sa pagkamatay ng Pangulong Ramon Magsaysay ay umupo, nang di inaasahan, ang dating Pangalawang Pangulong Carlos Garcia bilang punong tagapagpaganap ng bansa. Sa unang araw pa lamang ng panunungkulan ng Pangulong Garcia bilang Presidente ay nagkaroon na ng maraming pagtawad sa kanyang kakayahan. Marami ang nag-aalinlangang madadala niya nang mahinusay ang tungkuling napaatang sa kanyang mga balikat.

Ang masasabi namin, huwag agad tayong humatol. Bigyan muna natin ng pagkakataon ang isang tao upang maipamalas ang kanyang kakayahan at katangian, at kung makaraan na ang sapat na panahon ay saka natin hatulan. Nananalig kaming ang Pangulong Garcia ay may maipakikita ring "magagandang milagro" sa kapakanan ng bayan, lalo na't may mga naiwang halimbawa ang yumaong Pangulo ng ating bansa na dapat niyang panuntunan at kunang halimbawa. — *Moises Quiambaw, San Nicolas, Maynila.*



# WALANG KATULAD NA LIBING NG ISANG LIDER...

Sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng Pilipinas, nasaksinan noong isang Biyernes ang pinakadakilang libing ng isang Lider ng bansa.

Ang Lider na ito na nagmahal nang labis sa mahihirap ay hindi na nabuhay upang masaksihan ang pagmamahal naman sa kanya ng kanyang mga pinaglingkuran nang buong katapatan, na higit na napatunayan nang ihatid siya sa huling hantungan.

Sapagka't naging tagapagtanggol ng mahihirap, hindi katakatakang ang Pangulong Ramon Magsaysay ay ihatid sa pinagmulan niyang lupa ng namimighating mga dukha, salanta at iba pang mga kulang-palad. Nguni't higit sa riyan, ang pagpapahalaga sa kanya ng lahat at maging ng matataas na pinuno ng ibang bansa ay ipinakilala sa pamamagitan ng pagsusugo ng mga kinatawang nagsipagtiis madarang sa init ng araw sa pagsama sa kanyang libing.

Ang libing ng yumaong Pangulo ay walang katulad. Sinimulan ang parangal sa pamamagitan ng *misa de requiem* sa Luneta na dinaluhan ng may 100,000 katao. Sumunod ay ang luksang parangal na ginanap naman sa gusaling batasan.

Sa paglalakbay ng karo patungong libingan ay nakaagapay ang madlang nagsisipamighati sa pagkawala ng isang "matalik na kaibigan". Walang lagot ang hanay ng mga tao hanggang sa Libingan sa Hilaga. Matapos tugtugin ang himig ng pamamaalam at sundan ng mga putok ng pamimitagan, nagsaliw-saliwan ang mga hikbi at panangis ng mga naulila at ng tanang nagmamahal sa yumaong Lider ng Bansa.

Doon ganap na "lumisan" ang katawang lupa ng isang karaniwang mamamayan, upang mabuhay sa habang panahon sa alaala ng kanyang bayan!



MAGASIN NG BAGONG Buhay


Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.

Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO     Sa sining: PETE VENEZUELA

Nang pag-ukulan ng luksang parangal ang labi ng yumaong Pangulong Magsaysay sa Tribuna ng Kalayaan sa Luneta. Mula rito hanggang sa sementeryo ay sumubaybay ang napakakapal na taong ngayon pa lamang nasaksihan sa alinmang libing ng isang pinuno ng bansa.




Gaya ng makikita sa larawan, ang lahat halos nang lansangang pinagdaanan ng libing ay napuno ng maraming taong nagsipaghangad makasilay sa karo ng minamahal nilang Pangulo. Marami ang napabulalas ng panangis at mayroon pang mga naghimatay sa sama ng loob nang nagdaraan na ang libing...

Higit pa sa Araw ng mga Patay, ang libingan sa Hilaga ay napuno ng taong karamiha'y mga dukha at karaniwang mamamayan. Marami ang lumuha't nag-ukol ng panalangin samantalang sinusundan ng pahimakas na tanaw ang kabaong ng yumaong lider...





Nang malapit nang ipasok sa huling hantungan ang kabaong ng yumaong Pangulo, ay sabay-sabay na naganap ang makayanig-damdaming mga tagpo na tulad ng na sa larawan...




## Pagmamahal sa Sining...

Ang yumaong Pangulong Magsaysay ay masasabing may pagmamahal din sa sining, bukod sa di mapasusubaliang pagmamahal sa kanyang bayan. Ang larawan sa kaliwa ay isang katunayan. Nang minsang dumalaw siya sa lalawigan, gaya ng kanyang kinagawian, ay nakatawag ng kanyang pansin ang isang larawang-guhit ng isang kakilalang pintor. Hiningi niya ang larawan at buong-puso namang ipinagkaloob ng may-ari. Hanggang sa mga huling sandali ng kanyang buhay, ang larawang iyon ay naging isang pahiyas sa kanyang silid-tulugan na di niya nakakaligtaang pagmalas-malasin sa mga oras ng kanyang pamamahinga. Ang nakalarawan ay isang Pilipinang nananalangin habang nakadantay sa lupa ang isang kamay — sagisag ng pag-ibig sa bayan at ng pagsamba at pananalig sa kapangyarihan ng Lumikha.

## Makasaysayang Silid...

Ang wari'y nangungulilang silid sa larawan sa ibaba ay ang silid-tulugan ng Pangulong Magsaysay. Ang bawa't bagay sa silid na iyan ay may kahalagahan sa buhay ng yumaong Pangulo. Kabilang sa mahahalagang laman ng silid ang larawan ng naging Pangulong Benjamin Franklin ng Amerika na isa sa mga kinikilalang idolo o huwaran ng Pangulong Magsaysay. Ang silid na iyan ay masasabing makasaysayan. Malimit na kung hatinggabing tahimik na ang lahat, ang yumaong Pangulo ay naglalamay sa silid na iyan... patuloy na hinaharap ang kanyang mga gawain at patuloy na nagbabalak ng lalo pang mahahalagang hakbang sa ikaliligaya ng mga taong-bayan. Ang silid na iyan ang naging piping saksi ng di mapapantayang pag-ibig at paglilingkod ng Pangulong Magsaysay sa kanyang bayan. Sa silid na iyan din nakadarama ng pansamantalang ginhawa ang katawang hapung-hapo na sa walang katapusang gawain. Ngayon, ang silid na iyan ay nangugulila sa nilikhang naging kaula-ulayaw sa maraming araw at gabi...





## SI MAGSAYSAY...
## AT SI BALAGTAS

SI FRANCISCO BALAGTAS ay kinilalang Ama ng Wikang Tagalog at Hari ng mga Makata. Sa di mabilang na pagkakataon, ipinakilala niya ang mataimtim na pagmamahal sa kanyang Inang Wika at ang pag-ibig sa kanyang Lupang Tinubuan. Maraming mailalahad na katunayan, at isa sa mababanggit ay ang pagkakasulat niya ng walang kamatayang *Florante at Laura* na nagtampok sa mga Pilipino sa maraming dako ng daigdig. Ang malabis na pagmamahal sa kanyang wika at ang nakikitang pagkaduhagi ng kanyang Inang Bayan sa kamay ng mga manlulupig (bagaman maisasama na rin ang pagkasawi niya sa pag-ibig sa isang babae) ay siyang naging inspirasyon ni Balagtas upang sulatin ang naturang awit.

SI RAMON MAGSAYSAY, ang yumaong Pangulo ng Pilipinas, ay nabantog at minahal ng kanyang bayan sa pagiging Ama ng Karaniwang Mamamayan at Kampeon ng Mahihirap. Sa buong panahon ng kanyang panunungkulan, di mapasusubalian ang iniukol niyang matapat na pag-ibig sa kanyang bayan. Sa di mabilang na pagkakataon, ipinakilala rin niya ang pagmamahal sa kanyang sariling Wika Malimit siyang bumigkas ng talumpati at gumawa ng mga opisyal na kasulatan sa wikang tagalog. Higit sa lahat, ang mga titik na pananda sa libingang kinalagakan ng kanyang katawan ay nasusulat sa sariling wika, at yaon ay sa sarili niyang kagustuhan , na malaon na niyang ipinagbilin sa kanyang mga kaanak di pa man malay dumating ang malungkot na sakunang kumitil sa kanyang buhay.

Si Magsaysay at si Balagtas ay may pagkakatulad nga sa dalawang pagmamahal — bagaman higit na dinakila ang una sa pag-ibig sa kanyang bayan, at ang huli'y sa pagmamahal sa kanyang wika.

Marapat lamang na magkaroon sila ng sariling dambana sa puso ng bawa't Pilipino, katulad din ng ibang mga dakilang anak ng ating bayan!

# "AKO AT SI MONCHING..."

APAT kaming lingkod ni Monching (ganito ang tawag ko sa kanya pagka't napipiho kong hindi siya patatawag ng Panginoon, gaya ng pagtanggi niyang bansagan ng *His Excellency*). Ang una'y si Numero Uno, ang kotse; sumunod si "Sta. Maria", ang yate; ang pahamak na si "Mt. Pinatubo" (sa pangalan lamang ay hindi ko na ito nagustuhan. Ang "Mt" ay inggles at nagpapakilala ng pagkapro-Amerikano, at ang "Pinatubo" ay tagalog na nagpapatunay naman ng pagkamakabayan. Hindi ko gusto ang mga kabilanin). At ako nga pala, ang ikaapat, na walang iba'tsi "Victory".

Kung pagmamahal kay Monching ang pag-uusapan, siguradong boboto kayo sa akin. Patutunayan ko naman sa inyo kung bakit. Si "Mt. Pinatubo", ang eroplano, ay tiyak na nagukol kay Monching ng isang pagmamahal na mapag-aalinlanganan. Kung hindi'y di sana siya naging pabaya upang bumangga sa "Mt. Manungal" na siyang naging dahilan ng kamatayan ni Monching. Si Numero Uno naman, ilang araw lamang na namamayapa si Monching ay napaari na at naglingkod sa iba, kay Bise Garcia. Gayundin si "Sta. Maria". Akalain ba naman ninyong hindi makipaglibing ang isang ito sa dahilang hindi raw siya makalalakad sa walang tubig! Ibig pa yatang ipagpagawa siya ng ilog papuntang sementeryo. At marahil, ang isang ito'y may tangka rin o baka naglilingkod na rin kay Bise... na ngayo'y siya nang Presidente.

Sa pagkamatay ni Monching ay parang ibig ko nang magbalik sa aking lupang tinubuan — sa Australya. Nguni't napamahal na sa akin ang Pilipinas, sampu ng mga Pilipino. Parang hindi ko magagawang umalis pa rito. Saka ang hirap nito, baka may balak din silang ipaari ako kay Bise... bah... Presidente na nga pala. Ewan ko lamang kung ano ang mangyayari, pero huwag namang magagalit ang kasalukuyang Presidente, ang inaalala ko nito'y baka maidamba ko siya at tuluyan siyang mahulog kung sasakay siya sa akin. Sabagay ay wala naman akong sama ng loob sa kanya, pero ewan ko rin, ha? Alam ninyo'y talagang ganito ang sinomang namatayan. Kung minsa'y parang masisiraan ng isip, at kung minsa'y mainit ang ulo. At baka iyan ang matiyempuhan, e mahirap na!



A—9



# BALAGTAS: IKAW...AT KAMI

*ni Antonio Balaguer*

NAGPUPUGAY kami sa iyo, Francisco (Balagtas) Baltazar. Hindi dahil sa ikaw'y hari ng mga makatang Tagalog, kundi dahil sa ikaw'y larawan ng isang huwarang Pilipino. Na sa iyo ang mga katangian ng isang kahanga-hangang mamamayan. At kaming tumutunghay sa iyo'y naghahangad makatulad sa iyong mga paninindigan...

Ang pag-amin sa kakulangan ng isang tao ay unang hakbang sa pagtutuwid ng kakulangang yaon. Bayaan mong banggitin namin ang mga kakulangang aming nagagawa nang sa ganitong paraan man lamang ay maipakita namin sa iyong hindi ka nawawala sa aming alaala.


Ginugunita ng bayan ang araw ng iyong pagsilang (Abril 2, 1788) sa Bigaa, Bulakan, nang may pagpupugay sa iyong naisulat na walang kamatayang *Florante at Laura*, mga tula at mga komedya. Nguni't ikaw'y ginugunita namin sapagka't sa pamamagitan ng paggunita sa iyong kasaysayan ay isa-isa naming mababakas ang aming mga kamalian.

*HINDI SAGWIL ANG KARALITAAN*

Mahirap lamang ang iyong mga magulang na sina Juana de la Cruz at Juan Baltazar. Gayonman, hindi nila kinilalang balakid sa iyong pag-aaral ang karalitaang ito. Lalong hindi mo natanggap na dahil lamang sa karalitaan ay ipagpaubaya sa kapalaran ang angkin mong talino.

Ipinadala ka ng iyong mga magulang sa lunsod ng Maynila upang doon papag-aralin. Nguni't hindi sapat ang kanilang pantustos, kaya minabuti mong pumasok kahit na

*Ang monumento ni Balagtas sa nayon ng Panginay, Bigaa, Bulakan na taun-taon, tuwing sasapit ang kaarawan ng dakilang "Sisne ng Panginay", ay pinagdarayo at inuukulan ng mga parangal ng mga alagad ng wika.*



*Ang Ilog Beata sa Pandakan ay makasaysayan sa buhay ni Balagtas. Sinasabing ito'y naging isang matulaing pook ng pag-ibig para kay Balagtas at sa isang babaing naging aliw ng kanyang buhay.*

# Sa Buhay Ni Balagtas Ay Marami Tayong Mahahangong Mabubuting Halimbawa

utusan sa isang mag-anak sa Tundo. Sa ganito, nagkaroon ka ng karagdagang pambayad sa paaralan. At sa gulang na dalawampu't apat, marami kang natapos na kurso na kinabibilangan ng pilosopiya, teolohiya, pisika, *doctrina cristiana, gramatica Castellana, gramatica Latina* at iba pa.

Ngayon, kung matutunghayan mo kami, makikita mong wala sa amin ang naipamalas mong kasigasigan. Sa kaunting kahirapan, nililimot na namin ang katungkulan naming matuto upang makapaglingkod sa bayan. Pag wala na kaming maasahang tagatustos, ganap na naming itinatakwil ang kakayahan naming makapag-aral sa sariling sikap.

Ang lalo pang masakit, kahit na mayroon kaming tagatustos sa pag-aaral, hindi kami magkaroon ng pagsisikap para matuto. Pumapasok kami upang makapagtamo lamang ng titulo. Kadalasan, pumapasok kami para lamang masabing kami'y nakatuntong ng paaralan. Isang pagsasayang ng pagod at panahon!

*PAGTANGGAP SA KAHINAAN*

Napakalawak ng iyong nababatid hinggil sa pagtula. Sa kabila nito, batid mong kakailanganin mo ang tulong ng ibang tao upang lalong lumawak ang iyong kaalaman. Lumalapit ka kay Huseng Sisiw (Jose de la Cruz) upang magpaayos ng tula. Ito'y pag-amin sa iyong kahinaan. At sa wakas, higit ka pang nadakila kaysa kay Huseng Sisiw.

Kami naman, kung hindi pa hayagang ipakita sa amin ang aming kamalian, ay wala pa kaming tatanggaping pagkukulang. Labis ang pagpapahalaga namin sa aming sarili. Mapagmataas kami, bihirang humingi ng tulong sa iba.

Dahil sa nauuna sa amin ang pagmamalaki, hindi namin makita ang aming kahinaan. At kung mabatid man namin, nagwawalang-bahala lamang kami. Nguni't kung ang pag-uusapan ay ang kamalian o kahinaan ng iba, walang makauuna sa amin sa pagpuna.

Kailangan pa naming matuto.

*KATATAGAN NG LOOB*

Samantalang na sa Tundo, naging inspirasyon mo ang mga dalagang nagngangalang Lucena at Biyanang. Walang linaw ang naging kapalaran mo sa kanila, nguni't hindi nasira ang iyong pangarap na maging makata. Naging bantog kang manunula sa Tundo.

Nang malipat ka sa Pandakan, natawag naman ang iyong pansin ng mahinhing si Maria Asuncion Rivera. Siya'y mayaman. Mayaman din ang angkan ng iyong karibal, si Nanong Kapule. Dahil sa kapangyarihan ng salapi, nagawa nilang ikaw ay ipabilanggo. Kaya hindi kayo nagkatuluyan kahit batid mong naakit mo ang kanyang pagtingin.

Noon ay 48 taong gulang ka na, at ang kabiguan mo sa pag-ibig ay siyang naging inspirasyon mo sa isang *obra maestra*. Naisulat mo ang *Florante at Laura* na hangga ngayon ay hindi pa napapantayan. Marami ang nagpapalagay na ang tinukoy mong "Selya" sa iyong paghahandog ay walang iba kundi si Maria Asuncion Rivera.

Sana'y napasaamin ang katatagan ng loob mong tumanggap ng mga kabiguan. Kabaligtaran ang inaasal namin ngayon. Sa kaunting kapighatian sa buhay, dagli kaming nanlulumo. Ang ilan sa amin ay naglalasing para makalimot. Marami ang nagpapakasama sa hangad na makapaghiganti. At naging karaniwan ang pagkitil ng sariling buhay.

Lahat ng ito'y walang katarungang pagtakas sa isang bahagi ng buhay: ang kabiguan.

*PANANALIG SA KAGANDAHAN NG BUHAY*

Buhat sa pagkabilanggo ay nagbagong-buhay ka at nagtungo sa Udyong, Bataan. Sa gulang na 54 ay nakaisang-dibdib mo si Juana Tiambeng, isang anak-mayaman. Dito nagpasimula ang pananalig mo sa kagandahan ng buhay. Bukod sa pagkakaroon ng ulirang maybahay, ginawa kang Tenyente Mayor at pagkatapos ay Huwes de Sementera ng Udyong.

Kulang kami sa pananalig na iyong ipinamalas. Bagama't batid naming uunlad kami sa pagsisikap, hindi kami magkaroon ng kailangang tiyaga. Kaya marami sa amin ang nananatili sa pagkakalugmok.

Dapat kaming gumawa, nguni't kami'y natatakot. Ito ang nakapipigil sa amin para magsikap at makapaglingkod sa ating bayang laging naghihintay ng tangkilik.

*PAGPAPAHALAGA SA KARANGALAN*

Patuloy na sana ang tiwasay mong pamumuhay nang minsan ka na namang paratangang pumanot ng buhok ng isang utusang babae. Dito'y itinaya mo ang naiimpok ninyong mag-asawa. Nais mong maipanalo ang usapin. Naghirap ka at muling humantong sa bilangguan dahil sa pagtatanggol sa kalinisan ng iyong pangalan.

Ngayon ay ilan kaya kaming susuong sa panganib upang mapangalagaan lamang ang aming karangalan? Kung kami'y iyong matatanaw, mamamalas mong hindi namin ganong pinahahalagahan ang aming karangalan. Higit pang mahalaga sa amin ang kasagaanan sa buhay.

Hindi namin ganap na mapanindigan ang simulain ng mga dakila: "dangal muna bago ang buhay."

---

Balagtas, magandang aklat ang iyong kasaysayan. At buhat diya'y hahanguin namin ang iyong mga gintong karanasan..., upang gawin naming sandigan ng aming sariling buhay! (X)





# Sining ng Kasiya-siyang Pamumuhay


ni Maria Salome Tonsay

### GINANTSILYONG "LAMP SHADE"

Dahil sa pagiging uso ng mga bagay na ginantsilyo, tulad ng abrigo, kubrikama, kurtina at iba pa, ay marami na ang gumagamit ng palamuting gantsilyo sa mga "lamp shade", gaya ng makikita sa mga kalakip na larawan. Ang na sa kanan ay ang gantsilyong "hairpin lace"; sa ibaba, kaliwa, ay ang "motif"; at sa kanan ay ang "Lovers knot", mga disenyong kapag nilagyan ng aporong telang manipis ay nagbibigay ng magandang anino sa loob ng silid.







### *TAGUBILIN UKOL SA KALUSUGAN*

Kumain araw-araw ng mga gulay na madahon, lungtian at dilaw, na ang ilan ay hilaw at ang ilan ay luto.

Kumain minsan o makalawa sa sang-araw ng alinman sa mga sumusunod: bayabas, papaya, dalandan, suha, katas ng kalamansi, katas ng dalandan, o ensaladang gulay, gayundin ng iba pang gulay at bungang-kahoy.

Ang may sapat nang gulang (adults) ay dapat uminom ng dalawang basong gatas araw-araw kung maaari; at ang mga bata at mga inang nagdadalang-tao o nagpapasuso ay apat na baso ng anomang uri ng gatas, gaya ng sariwa, ebaporada, pulbos, atb.; gayondin isang hain ng keso at mantekilya kung kayang bilhin.

Kumain ng isda, lalo na iyong maliliit na makakain ang tinik; karne ng baka o baboy; itlog; manok at kauri; mga lamang-loob; pinatuyong buto ng gulay (munggo, kadyos, bataw, sitaw); at mani.

Gumamit ng bigas na bahagya lamang ang pagkakiskis, o iyong kung tinatawag in ay "enriched rice," gayondin ng arina, tinapay o mais.

Ang apat na basong gatas araw-araw para sa mga bata at sa mga inang nagdadalang-tao o nag-aaruga ng sanggol at dalawa o higit pa para sa mga matatanda ay nakapagdudulot ng kailangang kalsiyo at ng karamihan sa kailangang "riboflavin" sa maghapon.

Ang isang onsa o 28 gramo ng keso o isang kuwadrado o bilog na kesong puti ay nakapagdudulot ng singdaming kalsiyo at proteina na nakukuha sa isang basong gatas.

Ang mantekilya at iba pang pagkaing sagana sa taba ay nakadaragdag sa pagdudulot ng mahahalagang bitamina at mga asidong nakukuha sa taba (fatty acids). Ang mga nagagawa nito sa katawan ay lubhang marami, gaya ng sumusunod: Kailangan sa paglaki at pag-unlad; nakatutulong sa pagbuo ng mga laman, buto, at ngipin; nakatutulong sa ikabubuti ng balat; nagdudulot ng lakas para sa gawain at paglalaro.

*Mga tulong sa pagbili:* Ang mabuting uri ng gatas ay manilaw-nilaw na maputi ang kulay, may bahagyang amoy at mamamis-namis na lasa, at kumakapit sa gilid ng baso.

Ang kesong gawa rito sa atin ay karaniwang nakabalot sa sariwang dahon ng saging. Ang kesong ito'y maputi, malambot at may taglay na lasang kauri rin ng gatas. Ang anomang bahid na manilaw-nilaw na kulay ay tanda ng hindi maayos na pagkabalot at pagkabuyanyang sa hangin.

Ang mabuting mantekilya ay malambot, pinung-pino kung salatin, at hindi natutunaw sa karaniwang init.

Ang margarin na sinamahan ng bitamina A ay kasing-uri ng mantekilya bilang pagkain. Kung ang lalong ibig ng inyong mag-anak ay ang lasa ng mantekilya kaysa margarin, ay paghaluin ang mantekilya at margarin upang mabawas-bawasan ang halaga ng ihahain.

Ang mga pagkaing sagana sa taba ay malangis, gaya ng niyog, mani, buto ng kasoy, pili, at iba pa. Sa pagbili ay iwasan ang maasim, maanta, at may uod.

Ang gatas ay magagamit na kahalo ng mga inumin, kanin sa agahan, sopas, *letseplan* at sorbetes, bukod pa sa pag-inom niyon.

Ilayo ang gatas sa liwanag tulad ng sikat ng araw, sapagka't ang liwanag ay nakasisira sa taglay nitong "riboflavin." Lutuin ang gatas sa lutuang may takip upang mapanatili ang "riboflavin".

Kung paiinitan ang sariwang gatas sa pamamagitan ng "pasteurisasyon," (pasingaw) ay atay-atayin ang apoy o lalo pang mabuti ay ilagay ang bote ng gatas sa tubig at pakuluin ang tubig nang labing-limang minuto. Ang gatas ay hindi dapat pabayaang kumulo upang maiwasan ang pamumuo. Kung aapuyan nang tuwiran, ay haluing madalas upang di mag-amoy sunog.

Itago ang mantekilya o keso sa isang sisidlang may takip at malayo sa init o mga pagkaing matapang ang amoy. Ang kesong gawa rito sa atin ay dapat na banlian bago idulot.

Ang mga pagkaing mamantika ay dapat itago sa sisidlang mahigpit ang takip.

### *PAGGAWA NG "SALAD"*

Sa panahong ito, ang masarap na "salad" ay lubhang kailangan sa mga pagsasalu-salo ng mga magkakaibigan, magkakamag-anak o magkakamag-aaral.

Napakadaling pumili ng uri ng ensaladang ihahain sa ano mang pagkakataon! Maraming magagamit na rekado at sangkap sa ano mang uri ng "salad", na pawang sagana sa bitamina.

Subali't sa paghahanda ng "salad" ay may mahahalagang bagay na dapat isaisip. Pag-aralan ang mga simpleng tagubiling ito sa paghahanda ng "salad" at higit na magiging makasining at kasiyasiya sa mga magsisikain:

Ihanda ang "salad" bilang pamutat na kasama ng pangunahing putahe, o pampagana sa mga putaheng luto sa karne. Kung minsan naman, ang "salad" ay inihahanda sa unang hain upang makabusog. Ito ay inihahanda rin bilang pangunahing putahe o ang tinatawag na "main dish salad". Ito ay inihahain din bilang matamis, o ang tinatawag na "dessert salad".

Ang kailangang gamiting gulay sa "salad" ay iyon lamang pinalamigan at malutong. Ang mga gulay na sangkap ay hindi dapat lumagpas sa gilid ng pinggan. Ang labis na gulay sa salad ay maaaring makasuya sa paningin lamang ng magsisikain.

Laging palamigin sa yelo ang mga gulay at prutas na na sa lata.

Patuluing mabuti ang mga prutas na nasa lata sa pamamagitan ng "paper towel" at sa salaan naman kung sa gulay na de-lata.

Ayusin ang pagkakalagay ng salad sa isang pinggang pinalamigan sa isang simpleng paraan. Iwasan ang masalimuot na pagkakahanay.

Ang pag-aayos ng salad ay kung malapit nang ihain upang ito ay magmukhang sariwa at katakam-takam.

*(Sundan sa pah. 20)*

# Mga Suliranin ng Puso

BINIBINING MARISSA: Ako po'y isang dalagang may 20 taong gulang. Sa kasalukuyan po'y mayroon akong isang tagahanga na nakatatanda sa akin ng isang taon ang gulang. Hindi pa po gaanong natatagalan ay nagkasakit ako nguni't ito ay ipinaglihim ko sa kanya. Nguni't nang lumubha po ang kalagayan ko't mapunta ako sa ospital ay hindi nalingid sa kanyang kaalaman ang bagay na iyon. Dinalaw po niya akong malimit at hindi nakalilimot na ako'y dalhan ng pasalubong hanggang sa ako'y gumaling. Hindi po naman nagtagal at siya naman ang nabalitaan kong nagkasakit. Sa pamamagitan ng kanyang mga kaibigan ay nabatid kong ibig niyang dumalaw ako sa kanila. Nguni't ipinaliwanag ko sa pamamagitan ng liham ang dahilan kung [illegible]kit ako ay hindi maaaring magtungo sa kanya, dala ng aking kalagayan. Nguni't siya po ay mapilit. Ano po kaya ang nararapat kong gawin? Nangangamba po akong baka lumubha ang kanyang karamdaman at sumama ang loob niya sa akin. Inaasahan kong tutulungan ninyo ako. —LUDY.

MAHAL KONG LUDY: —Hangga't hindi opisyal ang inyong "pagkakaunawan" ay pangit para sa iyo ang magtungo sa kanyang tahanan. Sa panig ng iyong pagkakasakit, nang ikaw ay napasok sa ospital, iyon ay kakaiba. Ang lalaki ay may kalayaang gumawa gaya ng kanyang pagmamalasakit na ipinamalas. Ang lalaki ay likas na siyang dumadalaw sa tahanan ng babae hangga't binibigyang-laya ng mga magulang ng babae. Nguni't kapag ang babae ang siyang gumawi nito ay tiyak na mapupulaan siya ng kapuwa. Kaya ang maipapayo ko sa iyo ay magpaliwanag ka na lamang sa kanya at inaasahan kong magiging maunawain naman siya. —MARISSA.

BINIBINING MARISSA: Ako po'y may 30 taong gulang at may matatag na hanapbuhay. Marami po akong tapat na kaibigan, nasisiyahan at maligaya sa buhay. Minsan na po akong nasawi sa pag-ibig kaya't natatakot na akong makipag-ibigan uli sa pangambang baka masawi na naman. Isang kababayan ko po ang nagtapat ng pag-ibig sa akin noong Disyembre. Siya po'y relihiyoso at may mabuting pagkatao. Nakahihigit po ng isang taon ang kanyang gulang sa akin at matatag ang kanyang kalagayan sa panig ng pananalapi. Nagsisikap siya upang patunayan ang kanyang pagmamahal sa akin sa isang maginoong paraan. Natutuhan ko na pong kagiliwan ang kanyang mga pag-uugali, nguni't ang hindi ko nagugustuhan ay ang kanyang nahihiligang paglilibang — ang paglalaro ng *mahjong*. Narinig niya mula sa aking mga kaibigan na kinasusuklaman ko ang mga sugarol at sinabi niya sa akin na gagawin niya ang lahat ng bagay upang mabigyan ako ng kasiyahan. Nangako siya sa akin na hindi na magsusugal. Wasto po ba para sa akin na tanggapin ko ang kanyang pangakong kalilimutan na niya ang pagsusugal? Natatakot po akong baka ito ay maging isa pang kasinungalingan. —R. T. S.


MAHAL KONG R. T. S.: Huwag mong pabayaang ang isang malungkot na karanasan ay siyang sumira ng buo mong kinabukasan. Bigyan mo ng pagkakataon siya at ang iyong sarili. Hindi ka maaaring magpatuloy sa iyong pagwawalang-tiwala at masamang palagay sa bawa't lalaking dumarating sa iyong buhay dahil lamang sa isa sa kanila ang sumugat ng iyong kalooban. Ang puso ang nag-uutos sa isang tao upang gumawa ng mabuti. Sikapin mong magbalik ang iyong pagtitiwala sa mga lalaki, bagaman hindi kailangang tanggapin mo agad-agad ang kanyang inihahaing pag-ibig sa iyo. Alamin mo kung tinutupad niya ang pangakong hindi na siya magsusugal. Pag-aralan mo pa ang kanyang mga pag-uugali, ang kanyang mga kamalian at kabutihan. Pag-usapan ninyo ang nauukol sa inyong simulain at mga hangarin at ito ang magbubukas upang ibunyag naman niya sa iyo ang kanyang mga balak. Huwag mong ikatakot ang umibig na muli. Bayaan mong ang iyong naging karanasan ay magsilbing isang aral at hindi isang balakid sa iyong kaligayahan sa kinabukasan. —MARISSA.

BINIBINING MARISSA: Isang dalaga pong may 25 taong gulang ang niligawan ko may apat na taon na. Bata po ako kaysa kanya. Madalas pong naitatanong ko sa kanya kung mayroon akong pag-asa sa kanyang pagmamahal. Nguni't hindi po niya ako binigyan ng tiyak na kasagutan. Nanghihinawa na po ako sa kanyang mga pasubali. Siya po'y guro sa paaralang-bayan. Iniwan ko na po ang propesyong pagtuturo at ako ngayon ay na sa Hukbong Pandagat ng Estados Unidos. Lagi siyang umiiwas sa lahat ng aking anyaya sa kanya. Ako po'y kasalukuyang naglilibot sa daigdig. Sumulat po siya sa akin na humihiling na ibili ko siya ng damit na yari sa ibang bansa. Hindi ko po kayang gumugol ng napakamahal na bagay pagka't tinutustusan ko ang aking mga kaanak. Ibibili ko po ba siya ng damit na kanyang hinihiling? sa palagay kaya ninyo'y minamahal niya ako? Kung nakatitiyak po lamang ako ay hindi ko papansinin ang kahit gumugol ng mahal para sa kanya. Ipagpapatuloy ko po kaya ang pakikipagsulatan sa kanya? —ALFREDO.

ALFREDO: Yamang hindi mo makakayanang bilhin ang kanyang hinihiling, hindi mo dapat sikilin ang iyong sarili. At wala siyang karapatan upang humiling ng gayon sa iyo. Ang tutoo nito ay pinagsasamantalahan lamang niya ang iyong tapat na hangarin. Ang masasabi ko, at inaasahan kong sasang-ayon ka rin, wala siyang pag-ibig sa iyo. Kung mayroon ay dapat sana'y ipinabatid na niya sa iyo matagal nang panahon. Matagal ka nang nanliligaw sa kanya nguni't wala kang natatanaw na munti mang pag-asa. Kaya pabayaan mo na siya at humanap ka ng ibang magiging katugon ng iyong puso. —MARISSA:


25-1

Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MANINGNING AT MALUSOG NA MATA

ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG



EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr.



*Isang modernong balintawak na yari sa "straw" na angkop gamitin sa pagdalo sa malalaking pagtitipong may kulay na katutubo, gaya ng tinatawag na "Pista sa Nayon."*

*Ang itim na* **torero pants** *ay sinangkapan ng blusang "knitted" na puti na may guhit-guhit na pula. Bagay itong gamitin sa pamamasyal.*

*Ang magandang pagkakadisenyo ng* **cotton satin** *na "off-the-shoulder" na manggas at hugis "V-neck" ay bagay gamitin sa mga eskursiyon.*





# Moda

PITAK NI MARISSA



*Ang isang ito ay kabilang sa maririkit na kasuotang angkop sa ano mang pagkakataon, lalo na ngayong tag-init. Yari sa "bates", ang makapal na tirante ay nakapagbibigay-ginhawa sa katawan.*

*Maayos pagmasdan ang puting "cotton" na sinabugan ng burdang pula at pangiting* sutache *na pula rin, gaya ng makikita sa larawan.*

*Ito'y puting pencil cut na [illegible]kipan ng tabas na* mandarin collar. *Ang ikinaririkit nito ay ang kumbinasyong itim na hugis* scallop.

[illegible] *na binagayan ng kumbinasyong puti. Angkop itong gamitin sa gabi at sa araw dahil sa simpleng kayarian.*







***Mga larawang kuha ng SANTOS PORTRAITS***

Si Nita Javier, bituin ng LVN, ay kabilang sa mga nagsasabing "Ang wastong pagsusuot ng damit sa bawa't pagkakataon, ang maingat na pagpili ng tabas at pagbabagay-bagay ng kumbinasyon at mga angkop na tela sa bawa't kayarian, ay nakapagdudulot ng ganap na pagtitiwala sa sarili, lalo na sa pagharap sa madla at sa gumigiling na kamera." Ang mga kalakip na larawan ay isang buong huwego ng mga kasuotan ni Nita bilang paghahanda ngayong katag-arawan.



*Nakapagmumukhang bata sa may suot ang tabas na ito. Ang simpleng "princess cut" at maluwang na hugis ng leeg ay angkop para sa mga karaniwan o mamahaling tela.*


*Sa mga pormal na pagtitipon, ang* cocktail *na pulang yari sa* tulle *na inaporohan ng pulang* taffeta *ay higit na nababagay. May kalakip na* sash *sa gawing kaliwa at sinabugan ng* cutwork *na puti.*



*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# Naglahad Ng Mga Balak Ang Isang Nagtapos




NAGKAKAGULO ang mga tao sa Rizal Memorial. Siksikan dito, siksikan doon. Isang maringal na gradwasyon ang idinaraos. Nangakabarong-tagalog ang mga nagtatapos. Nagpipilit tumanaw sa entablado ang mga magulang, buong kasiyahang tumutunghay sa kanilang gabay at pag-asa sa kinabukasan. Samantala'y isang de-salaming estudyanteng nakaakyat na sa entablado, nakatanggap na ng diploma at taas-noong nagpapagala-gala ng tingin ang aming nasulyapan. At naito ang naganap na panayam:

T. Ano ba ang pagtatapos?

S. *Ang pagtatapos ay... kuwan, paggraduate.*

T. Kung ganoon, gradwesyon?

S. *Oo.*

T. E, ano naman ang gradwesyon... huwag mong sabihing pagtatapos?

S. *A, alam ko 'yan. Sabi ng guro namin, ang gradwesyon daw ay 'yung pagbibigay ng mga diploma sa amin dahil sa marurunong na kami.*

T. Iyon lang ang sinabi niya?

S. *Me'ron pa. Sa gradwesyon daw nawawala ang sakit ng ulo nila.*

T. Aba, bakit naman sasakit ang ulo nila?

S. *Itinanong ko rin iyan sa kanya, pero hindi niya ako sinagot at napakamot lamang siya sa ulo.*

T. Ano naman ang binabalak mong isakatuparan ngayong nakapagtapos ka na?

S. *Marami. Dahil sa ngayon ang ikalawang pagtatapos ko, alam ko na ang dapat kong gawin.*

T. Musmos ka pa nga noong magtapos ka sa elementarya. Teka, ano nga pala ang nararamdaman mo ngayon sa pagtatapos mo sa haiskul?

S. *Masaya, at umaasa akong matutupad ko ang aking mga balak.*

T. Mga balak?

S. *Wala akong nakikitang masama sa pagkakaroon ng maraming balak.*

T. Alam kong wala, nguni't paano mo inaasahang maisasakatuparan iyan?

S. *Sa pamamagitan ng paggawa, sa pamamagitan ng paggamit ng natutuhan ko sa aking mga guro.*

T. Ano ba ang unang balak mo?

S. *Unang-una, habang ako'y nagbabakasyon, tutulong ako sa nanay ko para kami makapagtipid.*

T. Sa paanong paraan ka makatutulong?

S. *Marami. Hindi na ako gaanong manonood ng sine dahil sa wala na nga kaming klase di na muna ako pabibili ng mga polo at pantalong pang-date, di na ako sa mga restawran kakain, di na ako maniniyarilyo ng masyadong stetsayd, at hihingi lamang ako ng pera pag talagang kailangan ko.*

T. Noon ba'y humihingi ka ng pera kahit hindi mo kailangan?

S. *Bakit mo itinanong iyan? Hindi ka ba naging estudyante?*

T. Ituloy natin ang tungkol sa mga balak mo. Anong karera ang kukunin mo sa kolehiyo?

S. *Kukuha ako ng pagka-kalihim o* secretarial.

T. Ikaw?

S. *Moy, marami na ngayong lalaki na naging kalihim at* clerk. *Kasi, hindi palasulyap sa salamin ang mga lalaki kaya kakaunti ang peligrong mamali sa sinusulat.*

T. Nguni't bihira sa kalihim o sa *clerk* ang sumasahod nang malaki.

S. *Hindi ko kailangan ang napakalaking suweldo.*

T. Diyata?

S. *Sabi ng guro namin ay mapagbuyo raw ang salapi. Ito raw ang dahilan ng maraming kasamaan. Gayonman, hindi ako gaanong naniniwala. Kaya nga lamang gusto kong magkaroon ng kaunting kinikita ay upang nasustentuhan ko ang aking pag-aaral.*

T. Ano naman ang binabalak mo pang pag-aralan?

S. *Ang pagkakomersiyante.*

T. Bakit kailangan mo pang mag-aral ng komersiyo gayong makapagtatrabaho ka na bilang kalihim o *clerk*?

S. *Isang naging guro ko ang nagsabing habang panahong magpapatuloy ang pakikipagkalakalan ng mga bansa sa kapuwa bansa, ng lalawigan sa kapwa lalawigan, ng isang tao sa kapuwa tao.*

T. At inaasahan mong uunlad ka sa negosyong iyan?

S. *Oo... upang magkaroon ako ng higit na maraming kuwalta.*

T. Akala ko'y ayaw mong magkaroon ng maraming salapi dahil nag-uugat iyan sa kasamaan?

S. *Sa una lamang. Pero alam kong pag nagtagal ay pihong kakailanganin ko rin.*

T. Nasisiguro mo kayang magiging matagumpay ka sa pakikipagkalakalan?

S. *Sa palagay ko, sapagka't natutuhan kong hindi nawawala ang mga manloloko at naloloko rito sa mundo.*

(Sundan sa pah. 20)



# INANG MAPANSININ... ASAWANG MARAMDAMIN...



HINDI INAKALA NI ALBERTO NA ANG "SAKIT" NG KANYANG INA'T ASAWA AY MAGAGAMOT NG KANYANG KARAMDAMAN

ni D. G. Dumaraos, Jr.

DAPAT sana'y maging maligaya na si Alberto. Bagong kasal siya at katatapos lamang nilang magpulot-gata sa Lunsod ng mga Pino. Maganda ang kanilang sariling tahanan at may mabuti siyang trabaho. Wala siyang suliranin sa pananalapi. Marami siyang mabubuting kaibigan at wala siyang matatawag na kaaway. . .

—Talagang masuwerte si Alberto, —kasabay ng palatak ng paghanga ay madalas masabi ng mga nakakikilala sa kanya. —Kung ganoon lamang ang buhay ko'y hindi na marahil ako tatanda!

Subali't tulad ng sino mang nilikha sa balat ng lupa, si Alberto man ay may sariling suliranin. Hindi magkasundo ang kanyang mahal na asawa at ang pinagpipitaganang ina. Ang dalawa'y laging nagkakasamaan ng loob. Maliliit na bagay ang madalas pagkagalitan ng magbiyenan. Maliliit na bagay na kung talagang tutuusin ay hindi dapat pagsimulan ng pagsasamaan ng loob. Datapuwa't nakasulat sa aklat ng kasaysayan ng daigdig, na ang mga taong tulad nina Aling Tinay at Celia ay hindi dapat pagsamahin sa lilim ng iisang bubong. Talagang mahirap silang magkasundo, sapagka't humigit-kumulang sa isang milya ang agwat ng kani-kanilang pag-uugali. Ang ina ni Albertong si Aling Tinay ay masyadong mapagpansin; samantalang ang kanyang asawang si Celia ay *de-primerang* maramdamin! Iyan ang dahilan kung kaya si Alberto ay waring na sa pagitan ng dalawang nag-uumpugang bato.

—O, ano na naman ang iniiiyak mo? —isang araw na humahagulgol si Celiang pumasok sa kanilang silid ay tanong ni Alberto.

—Wala na akong nagawang tama! —sa pagitan ng mga makayanig-dibdib na hikbi ay tugon ng babae. —Sabi ng Mama, ang tanda-tanda ko na raw e hindi pa ako marunong magluto!

Magkahalong pagkainis at pagkaawa sa asawa ang nadama ni Alberto.

—O, siya... Huwag ka nang umiyak, *honey*... ngayon din ay kakausapin ko ang Mama!

Bagama't nag-aatubili ay nagtungo sa kusina si Alberto. Naabutan niyang nakasimangot na nagluluto ang kanyang ina.

—Mama, ano na naman ba ang nangyari sa inyo ni Celia? —aniya. —*Umaatungal* na naman, e!

Umismid pa si Aling Tinay bago tumugon: —Wala! Ano'ng mangyayari sa amin? Sinabi ko lang na masyadong maalat ang pagkakatimpla niya ng sinigang, binirahan agad ng iyak!

—Sinabi ko na naman sa inyong huwag na ninyong papansinin si Celia, e. . . —ani Alberto sa mahinahong tinig.

—Sus! Masyado namang maramdamin 'yang asawa mo! —padarag na wika ni Aling Tinay. —Sabihin mo sa kanyang kung ayaw niyang mapansin, magtrabaho siya ng tama!

—Pero, Mama. . . Si Celia ay. . .

—Tama na. Alberto! At saka na natin 'yan pag-usapan! Nagugutom na ako! —at pagkawika niyon ay tinalikuran ni Aling Tinay ang anak.

Pagkaraan pa ng ilang sandali'y magkakasalo nang naghahapunan ang mag-anak. Kapuwa mukhang *Biyernes Santo* sina Aling Tinay at Celia, samantalang si Alberto naman ay nag-iisip ng mabuting paraan ng paggawa ng landas patungo sa pagkakasundo ng dalawang nilikhang mahal sa kanya.

Kinabukasan ay naging panauhin si Alberto sa klinika ng kanyang matalik na kaibigang si Doktor Ernesto de Leon.

—Kumusta, Alberto? —ang salubong sa kanya ng kaibigang manggagamot. —Bakit ngayon ka lang napadalaw? May sakit ka ba?

—Hanapbuhay naman agad ang iniisip mo, e. . . —natatawang biro ni Alberto sa kaibigan. —Wala akong karamdaman! May isang napakabigat na suliranin lamang akong ibig ihingi sa iyo ng payo. . .

Matagal na hindi nakakibo si Ernesto matapos maipagtapat sa kanya ni Alberto ang suliranin nitong inihihingi sa kanya ng payo.

—Wala ka bang nalalamang dapat kong gawin para magkasundo ang aking ina at asawa? —may bahid ng kawalang-pag-asa ang tinig ni Alberto.

Waring may malalim na iniisip na umiling-iling si Ernesto.

—Sa kasalukuyan ay wala akong maisip na mabuting paraan, —aniya, —maliban sa ihiwalay mo ng bahay ang iyong ina!

—Kung gawin ko ang gayon ay hindi naman kaya isama ng loob ng Mama? —matapos limiing mabuti ang ipinayo ng kaibigan ay tanong na muli ni Alberto.

—*That's a risk you've to take*, Alberto, —at nagkibit pa ng balikat si Ernesto.

—Wala ka na bang maiisip na ibang paraan?

—Talagang wala na, —anang Doktor. —Hindi kasi ako nagkaroon ng ganyang suliranin, e. . . Nang mag-asawa ako'y matagal nang patay ang aking mga magulang.

GAYON na lamang ang pagkabahala nina Aling Tinay at Celia, nang isang araw ay halos walang malay si Albertong inihatid sa kanila ng dalawang kasamahan nito sa upisina. Diumano, nagtatrabaho si Alberto nang ito ay bigla na lamang mawalan ng malay.

—Nang malapatan ho siya ng pangunang lunas ng doktor namin sa upisina ay minabuti na ho naming ihatid siya rito agad. —ang paliwanag pa ng isa sa mga naghatid kay Alberto bago umalis.


Noon din ay nagmama-

(Sundan sa pah. 18)

# DAMBANA AT *Pangako*

nina MARTIN P. PANTALEON at GREGORIO R. FLORENCIO

**SABAY SA PAGTATANAN NINA EDDIE AT AIDA AY NATUKLASAN NI GINOONG BUENAFLOR NA SI LUIS AY. . .**



(Ika-29 na Labas)

**HINDI** napapansin nina Eddie at Aida ang kotseng sumusubaybay sa kanila. Ang luwalhati pa ring sinisindak ng pangamba ang kanilang nadarama. Nakadama na rin ng takot si Eddie nang muling maluha si Aida matapos maunawaan nito ang kanilang gagawin.

—Nguni't saan tayo tutungo? —lumuluhang nakahilig sa balikat ni Eddie ay naitanong ni Aida sa gumagaralgal na tinig.

—Sa hindi nila mararating. Sa hindi nila maaaring malaman, Aida. —May poot na nakabadha sa mukha ni Eddie, nguni't nagsisikap umalo kay Aida ang kanyang tinig. —Doon tayo lalagi hangga't hindi nila nauunawaang dapat nilang ibigay na sa atin ang karapatan. Hangga't hindi nila. . .

Nauntol ang pagsasalita ni Eddie nang magtanong ang tsuper: —Dederetso po ba tayo? *Highway* na po ito.

Hindi iyon ang *highway* na pinanggalingan nila, alam ni Eddie. Alam niyang sa Bulakan ang tungo ng paghihimatong niya sa tsuper. Sinaklaw ng kanyang paningin ang nararating na nila. At para pa siyang nagulat nang makitang lalampas na sila sa isang makipot na lansangang pumapasok sa isang nayon.

—Isilya mo, Pare. Diyan, d'yan sa eskinitang iyan, —naitugon niya sa tsuper.

Kumaliwa ang taksi.

Bago nakapasok ang sasakyan sa lansangang iyon ay nahagip ng paningin ni Aida ang maliit na karatulang tila matatanggal na sa pagkakapako sa isang poste. Nguni't may kalayuan iyon at hindi na niya nabasa. Malabong naiwan sa kanyang isip ang katuturan ng mga titik niyon. Nguni't natatandaan niyang iyon ay isang nayon sa Bulakan. Saka pa lamang niya natiyak na doon sila *magtatago*.

—Kung may mga nakakakilala sa atin dito. Kung makita nila tayo? —nawika niya kay Eddie. Hindi nababawahan ang pagkatakot na ipinahahayag ng kanyang tinig.

—Kilala ko ang mga tao rito, Aida. Kababayan ko sila. Hindi nila tayo ipahahamak.

Sa minsang pagtingin ng tsuper ng taksi sa panlikod na salamin ng sasakyan ay nakita niya ang kotseng nakasubaybay sa kanila. Lumiko rin sa lansangang iyon. Sumunod sa kanila. Halata sa takbo niyon na maingat na inaalalayan ang pagsunod sa taksi upang hindi maging kapuna-puna.

—Kilala ba ninyo ang kotseng iyon? —hindi natiis na di itanong ng tsuper na nakahihiwatig na rin kina Eddie at Aida.

Napalingon si Eddie. Sinundan siya ni Aida. Matagal nilang tinanaw ang kotse.

—Bakit, mo naitanong, Pare? —tukoy ni Eddie sa tsuper kapagkuwan.

—Kanina pa nakasunod sa atin 'yan, e.

Muling nilingon ni Eddie ang kotse. Nguni't napakalayo upang makilala niya ang nagmamaneho niyon.

—Nakasabay lang seguro natin, —nasabi niya sa tsuper. —Sige, ang mabuti'y bilis-bilisan mo pa. Nagmamadali lang kami, e.

Bumilis pa ang taksi. Nang matuling-matulin na ang takbo ay minsan pang lumingon si Eddie sa kotse. Sa tanaw niya ay tumutulin din ang takbo niyon.

Pabibilisan pa sana ni Eddie ang taksi nang mapansin niya ang paligid. Natingnan niya si Aida. Nginitian niya ito: —Narito na tayo! —nasabi pa niya.

Si Aida'y nagpalinga-linga. Isa pang karatula na ngayo'y nakapako naman sa isang malaking punong akasya ang nakita niya. Nabasa niya iyon — *Panasahan*.

—Bagalan mo na lang ang takbo, Pare. Baka lumampas tayo sa pupuntahan namin. —Pinaglilipat-lipat ni Eddie ang kanyang tingin sa magkabilang panig ng lansangang-nayon. At di nagtagal ay pinahinto niya ang kotse.

Sa tapat ng isang marikit na bahay na may mahalamang bakuran ay bumaba sila. Bantulot pa si Aida nang bumaba. Sa durungawan ng bahay na yaon at ng mga na sa paligid ay biglang nagsilitaw ang iba't ibang mukha. May bata, may matanda, may babae, may lalaki at lahat ay pawang sa kanila nakamata. May pagkapahiyang sumaklot kay Aida at napakapit siya sa bisig ni Eddie nang pumasok na sila sa hardin.

---

NANG matiyak ng nanalim na mga matang yaon na nakatitig mula sa loob ng kotseng nakasubaybay sa taksi ang binabaan nina Aida at Eddie, ay dalidaling bumalik ang sasakyan. Kasalukuyang lumiliko iyon nang maraanan ng taksi. May paghihinalang natuon sa nagmamaneho niyon ang paningin ng tsuper ng taksi.

Mabilis ang takbo ng taksi. Nguni't inabot pa ito ng kotse. Higit na mabilis ang kotse na parang ayaw maunahan niyon. Ang tsuper ng taksi na naghihinala na ay nakipaghabulan. Hindi niya pinabayaang makalayo sa kanya ang kotse.

SINA Ginoo at Ginang Buenaflor ay nababahala na sa di paglitaw ni Aida. Mag-iikawalo na ng gabi.

—Alas-sais lang daw ay makauuwi na sila, Pepe! —buong pag-aalalang nasabi ni Ginang Buenaflor sa asawang hindi mapakali sa pagkakaupo sa isang supa.

Walang itinugon si Ginoong Buenaflor. Natingnan lamang si Ginang Buenaflor at kapagkuwa'y nagtindig. Tinungo ang telepono. Dumayal. Ilang sandaling naghintay ng tugon sa kabilang dulo ng kawad. Pagkailang saglit ay pabagsak na ibinaba ang awditibo. Mabibigat ang mga yabag na nagbalik sa supa.

—Hindi ba sinabi sa iyo kung may iba silang pupuntahan pagkagaling sa pesteng *educational tour* na iyon? —may pagkabagot nang naitanong kay Ginang Buenaflor.

—'Yan na nga ba ang sinasabi ko, e. . .

—Utang na loob, Matilde, hindi ito ang oras para tayo magsisihan.

—Ang sinasabi ko sa iyo'y bakit mo pinayagan nang hindi ka nakatitiyak sa iyong sarili?

—Dapat lamang na payagan siya, Matilde. Ano na lamang ang sasabihin ng kanyang mga kasama, ng kanyang mga propesor, kung hindi bukod-tanging siya ang hindi makasasama?

—E, siya, siya, naro'n na 'ko. . . Pero kailangang alamin natin hangga't maaga kung ano ang nangyari sa batang iyon.

Lumalim ang mga gatla sa noo ni Ginoong Buenaflor.

—K a p a g nagkataon, Matilde. . . —mariin at nagbabantang usal niya.

—Kailangang kumilos tayo, Pepe. Gabi na.

Mabibilis na mga yabag ni Ginoong Buenaflor ang tumugon kay Ginang Buenaflor. Tinungo na naman ni Ginoong Buenaflor ang telepono. Nguni't pagka-

(Sundan sa pah. 18)

# ANG AMA NG TULANG TAGALOG

ni Arturo Ma. Misa

"SA AKING PAGYAO ay ipangako mong hindi mo pahihintulutang humawak ng panulat ang ating mga anak. Kung sila'y magtangka at magpumilit ay huwag kang matakot na putulan sila ng kamay. Ang panulat ay walang maidudulot na kaginhawahan sa buhay ng tao, manapa'y pawang kahirapan..."

Ang pangugunsap na iyan ay kabilang sa mga huling habilin ni Francisco (Balagtas) Baltazar sa kanyang kabyak na si Juana Tiambeng noong ika-20 ng Pebrero, 1862, na siyang araw ng kamatayan ng dakilang Ama ng Tulang Tagalog. Sa mga pangungusap na iyan ay madarama ang pagmamahal niya sa kanyang mga anak na ayaw na niyang magdanas ng mga hirap na kanyang dinanas bilang isang makata't manunulat. Sapagka't ang tutoo, si Balagtas ay maraming dinanas na kahirapan at tiisin sa buhay dahil sa pagiging isang alagad ng panitik. Ang kanyang kasaysayan ay nakatitik sa aklat na ginto, na masasalamin ng lahat sa habang panahon.

Si Francisco Baltazar ay isinilang sa nayon ng Panginay, Bigaa, Bulakan noong ika-2 ng Abril, 1788. Bunso siya sa apat na magkakapatid na anak nina Juan Baltazar at Juana de la Cruz. Ang panganay sa magkakapatid ay si Felipe, sumunod ay si Concha, at ang ikatlo ay si Nicolasa.

Dahil sa kahirapan ng mag-anak, hindi naipagkaloob nina Mang Juan sa mga bata ang ganap na kaginhawahan sa panahon ng kanilang kamusmusan. Si Mang Juan ay isang panday, at sa gawaing ito ay si Kiko ang naging katulung-tulong ng matandang lalaki. Sa ginagawang pagtulong ni Kiko sa kanyang ama ay unti-unting lumalawak ang kanyang isipan dahil sa iba't ibang paksa ng usapang naririnig niya sa loob ng pandayan.

Nang sumapit si Kiko sa pitong taong gulang ay ipinasok siya ng kanyang mga magulang sa paaralang *parochial* sa kanilang bayan. Sa loob ng panahong ipinag-aral ni Kiko sa naturang paaralan ay nasaksihan niya ang mga pagmamalupit ng mga paring Kastila sa kanyang mga kabalat. Mula noon




Si Isabel Balagtas ay siyang bunsong anak ng Sisne ng Panginay. Siya ay namatay na isang matandang dalaga sa Orion, Bataan.

ay sumibol sa puso ni Kiko ang lihim na pagkamuhi sa mga taong nakasasakop sa atin. Inisip niya kung papaano maisisiwalat ang naghihirap na damdamin ng kanyang mga kababayan. At diyan sumupling sa kanyang murang isip ang diwang pagka-manunulat.

Pagkatapos ng ilang panahong pag-aaral sa kanilang bayan, si Kiko ay

(Sundan sa pah. 30)



*Marami sa mga dulang sinulat ni Francisco Balagtas ay pawang itinanghal sa moro-moro. Sa larawan ay makikita ang isang palabas-tanghalan ng moro-moro sa Tundo na kuha noong panahon ng Kastila.*



*Makikita sa larawan si Victor T. Balagtas na kasama ang kanyang pamilya. Siya ang ikasampu sa labindalawang anak ni Francisco Balagtas at tanging kahawig ng dakilang ama ng tulang tagalog.*




**DINAKIP NG MGA HAPONES SI MANG KARYAS, AT ISANG MAHALAGANG PASYA ANG NABUO SA SARILI NI MARIO**

(Ika-11 Labas)

NABABAGHANG pinagmasdan ni Mario ang mukha ng kanyang ama. May bakas pa ng dugong hindi napahid na lahat at natuyo sa kaliwang pisngi nito. At nang sipatin niya sa tagiliran si Mang Karyas, nakita niyang putok ang ulo nito sa itaas ng pilipisan.

—Ano'ng nangyari sa inyo, Itay? —tanong ni Mario.

—Bakit nga... ano'ng nangyari sa iyo? —ulit namang tanong ni Aling Inggay.

—Ang mga Hapon... talagang walanghiya ang mga iyan! —nagngangalit na tungayaw ni Mang Karyas.

—Bakit, ano nga'ng nangyari? —tanong uli ni Aling Inggay. —Inano ka ng mga iyon?

—Napadaan ako sa tapat ng sentri kanginang umaga. Iyon pala'y kailangan pang yumukod ka sa sentring iyon. Hindi ko alam. Kaya hindi ako yumukod. Tinawag ako ng sentri. Sinampal ako saka kinulata. Nawalan ako ng malay. Nang magising ako ay nasa loob na ako ng garison. Hindi ako inalpasan kundi kangina lamang. Hindi ako pinakakain ni pinaiinom.

Mangiyak-ngiyak si Aling Inggay sa ipinagtapat ng asawa.

—Ku, e mag-iingat ka nga. Talagang salbahe ang mga Hapong 'yan. Mabuti't hindi ka pinatay. E, hindi mo ba nabalita si Endong? Kinulong sa garison noon pang isang linggo. Diumano'y ipinagsuplong dahil sa pagnanakaw. E, hindi na natin nabalitaan kung ano'ng nangyari kay Endong.

Pati damit ni Mang Karyas ay napuno ng dugong tumulo sa kanyang ulo, at pinapagbihis siya ni Aling Inggay.

NAGPATULOY sa paglipas ang mga araw. At nagpatuloy rin sa pagtaas ang halaga ng mga bilihin, kasabay ng paghihikahos ng mga Pilipino.

Nguni't hindi gaanong naghihikahos sina Mang Karyas. Kung tutuusin ay mabuti-buti pa ang buhay nila ngayon sa nayon kaysa noong sila'y nasa Maynila. Hindi sila sumasala sa oras. Labis-labis pa sa kanilang pagkain ang inaani ng tumanang naiwan ni Tandang Andres. Gayunman, dahil sa kamahalan ng damit at iba pang pangangailangan, hindi rin sila makaipon. Nakasisiya na naman kay Aling Inggay ang gayong buhay tuwi niyang maiisip na kasalukuyang nagkakagutom ang mga taga-Maynila. May ilang negosyanteng tagalalawigan na nagluluwas ng mga pagkain sa Maynila, at pagbabalik ng mga iyon ay may dalang masasaklap na balita tungkol sa paghihikahos na sinasapit ng mga taga-lunsod.

Nang malaon, hindi lamang mga balita tungkol sa paghihikahos ng mga taga-lunsod ang dala ng mga biyahero sa kanilang pag-uwi sa lalawigan. May mga balita na rin sila tungkol sa kahirapang sinasapit nila sa kamay ng mga Hapones. May nasasamsaman ng kinukumersiyong pagkain. May nasasampal ng mga kawal na Hapones. May nasisibog. May nakukulong sa mga garison dahil sa napapagbintangang espiya ng mga gerilya na unti-unti nang lumalaganap. At may nababaril pa nang tuluyan—yaong mga taong dahil sa malabis na takot sa mga Hapones ay nagsisitakbo kapag nasisita.

Walang nasusumpungang kapayapaang pandamdamin sa nayon, si Mario ay hindi nagbabago ng ugali. Malimit pa rin siyang mapalaban ng away sa mga kapuwa bata. Hindi nga lamang siya makapagsugal sapagka't hindi binibigyan ng pera ng ina. Nguni't marami naman siyang ginagawang kabalbalan na lubhang ikinagagalit ng kanyang ama.

HUSTO nang ikaisang taon ng pananakop ng mga Hapones. Labing-anim na taong gulang na si Mario, si Fred ay labintatlo, at si Victor ay labing-isa. Si Linda naman ay kasinggulang ni Fred, labintatlong taon din.

Sapagka't labis na pinaglulupitan ng mga Hapones ang mga mamamayang Pilipino, nagpatuloy ang lihim na kilusan sa mga bundok — palago nang palago... paunlad nang paunlad...

Ilang nalabing kawal ng Hukbong Pilipino na nakilaban sa mga Hapones sa baybayin ng Quezon ang nagsitakas sa bundok. Hindi sila nagsalong ng sandata. Bumuo sila ng isang munting pangkat na ang tinutungkol, nang mapasakamay na ng mga Hapones ang Pilipinas, ay ang pagtambang sa mga kaaway. At dumami sila nang dumami. Ang di-nasiyahang mga mamamayan ay nagsisama sa kanila. Nakarating ang kanilang kilusan sa pagpapalaganap sa nayong kinaroroonan nina Mang Karyas.

Noon na nga nagsimula ang pag-alis-alis ng bahay ni Mang Karyas.

Kasabay sa pagdami ng mga gerilya, dumami rin ang bilang ng mga pangkat ng Hapones na natatambangan. Dahil diyan ay nagsimula ang mga Hapones sa puspusang pagbaka sa mga gerilya. Tinulungan sila ng ilang hudas na Pilipino. Nagsipasok na espiya ang mga iyon, at ang tinutungkol ay ang pagmamanman sa mga kapwa Pilipino na kumikilos nang kahina-hinala. At kabilang si Mang Karyas sa mga napaghinalaang iyon.


Dalawang araw pagkaraang matambangan ng pangkat ng gerilya ang isang maliit na pangkat ng mga Hapones sa malapit sa nayong tinitirahan nina Mang Karyas, dumating sa nayon ang may dalawampung sandatahang mga Hapones. Tinipon ang mga lalaki. Pinahanay, at isang Pilipinong may takip sa mukha ang gumala sa kanilang harap.

Kasama si Mang Karyas sa mga lalaking pinapila sapagka't nagkataong nasa bahay siya nang dumating ang mga Hapones na kasama nga ng espiyang Pilipino.

Pagkatapat kay Mang Karyas ng lalaking espiya na may takip ang mukha ay huminto iyon. Matagal na tiningnan si Mang Karyas. Pagkatapos ay nilingon ang punong Hapones na nasa likuran at itinuro si Mang Karyas.



(Sundan sa pah. 19)



Makikita sa larawan si Ginang Filipina David, ina ng batang si Reginaldo, samantalang kinukunan ng tanong ni Ten. Kor. Sanggalan, pinuno ng konstabularya ng lalawigang Pampanga, sa kanilang tahanan sa San Fernando upang makakuha ng mga ulat na makatutulong sa paglutas sa mahiwagang pagpatay sa kanyang kaisa-isang anak.

*Sinulat ni*

***TITO V. CARBALLO***



# SINO ANG PUMATAY KAY R. DAVID?

ANO ang tunay na hiwagang bumabalot sa pagkamatay ni Reginaldo David, 13 taong gulang, taga-San Fernando, Pampanga, at nag-aaral sa *Ateneo de Manila?*

Siya ay pinatay nga kaya o ipinapatay dahil umano sa nakasasagabal sa isang nangingibig sa kanyang magandang balong ina?

Noong umaga ng ika-5 ng Pebrero ng taong kasalukuyan, si Reginaldo, tulad ng ibang nag-aaral sa *Ateneo de Manila* sa *Loyola Heights* ng Lunsod Quezon, ay gumising nang maaga upang pumasok. Siya'y na sa unang baytang ng *high school*, at ang kanyang tinitirahan ay sa *Eagle's Den* na matatagpuan sa *Katipunan Avenue*, malapit sa paaralan

Ni sa guniguni, kaipala, si Reginaldo ay hindi man lang sinagilahan ng pangamba na ang araw na iyon ay ang kanyang kahuli-hulihang araw sa ibabaw ng lupa. Pagkatapos niyang mag-agahan, kinuha niya ang kanyang mga aklat at maaga siyang nanaog ng dormitoryo.

Katulad ng ibang mga araw na nagdaan sa kanyang maikling pamumuhay bilang estudyante sa *Ateneo*, si Reginaldo ay umuwi pagkatapos ng klase niya at nananghalian sa dormitoryo. Pagsapit ng bandang mag-iika-3 ng hapon, si Reginaldo ay nagpaalam sa kanyang tinitirahan, sapagka't ayon sa kanya, ay sasalubungin niya ang kanyang ina na manggagaling sa San Fernando.

Nang lumabas si Reginaldo sa kanyang dormitoryo nang hapong yaon, siya'y hindi na muling nakauwi nang buhay. Ang bangkay niya ay natagpuan ng dalawang seminarista sa *Katipunan Avenue*, may 200 metro ang layo sa kanyang tinitirahan, nang bandang ika-10 ng gabi ng nabanggit na araw.

Ang unang hininala ng mga detektib ng Kagawaran ng Pulisya ng Lunsod Quezon, na mabilis na nagsikilos upang magsiyasat pagkatanggap ng tawag ng dalawang seminarista, ay naging biktima ang batang Reginaldo ng isang tsuper na pagkatapos makasagasa ay tumakas upang makaiwas sa batas.

**Nguni't dahil sa maingat na pagsisiyasat ng mga maykapangyarihan sa ilalim** ng pamamahala nina Koronel Vicente O. Novales, puno ng pulisya ng Lunsod Quezon, at Kapitan Emeterio Gonzales, pinuno sa paniniktik ng QCPD, ang mga detektib ay nagpahayag na si Reginaldo ay hindi namatay sa pagkasagasa. Ang mga matwid ng mga imbestigador ay ang sumusunod:

1. Walang mga bakas ng goma sa pook na kinatagpuan sa bangkay;

2. Ang mga sugat na tinamo ni Reginaldo ay kakaiba sa mga tunay na nasagasaan; at

3. Ang leeg ng biktima ay may bakas ng lubid.

Pagkatapos ng autopsiya, ang tunay na dahilan ng pagkamatay ng batang si Reginaldo ay napag-alaman ng mga tiktik. Ayon sa doktor, si Reginaldo ay namatay dahil sa pagkabigti at sa isang matinding palo sa ulo. Dahil dito, ang mga tiktik ay muling kumilos at sinuyod ang pook na kinatagpuan sa bangkay ng bata. At sa isang malayu-layong pook, natagpuan nila ang isang lubid, na nang ipadala sa Pambansang Kawanihan sa Pagsisiyasat (NBI), ay napatunayang may mga bahid ng dugo

Ayon sa mga huling nakakita kay Reginaldo, ang bata ay sinalubong sa isang pook na malapit sa tinitirhang dormitoryo ng isang lalaking nakasakay sa isang *scooter*, nang siya'y lumabas ng bahay noong hapon ng ika-5 ng Pebrero. Bukod dito, ayon sa isang tanod ng *Ateneo*, noong umaga ng nabanggit na araw ay apat na lalaking nakakotse ang nagpunta sa paaralan at ipinagtanong sa kanya kung saan matatagpuan ang batang si Reginaldo. Idinugtong ng tanod na ang kotse ay muli niyang nakita noong gabi ng nasabing petsa, nguni't, hindi lamang niya napansin kung kasama ang bata.

Upang malaman kung may mga kagalit ang ina ni Reginaldo, si Ginang Filipina David, at ang galit ay sa bata ibinuhos, ang mga tiktik sa ilalim ng pamumuno ni Kapitan Gonzales ay nagsadya sa San Fernando at kinausap ang ina ng biktima. Ayon kay Gng. David, si Reginaldo ay isang batang mabait at masunurin. Siya ay walang nalalamang mga tao o tao na may galit sa kanila.

Dahil diyan, ang mga tiktik ay muling nagbalik sa tinitirahan ni Reginaldo at doon muling nagsiyasat. Dito nabatid ng mga imbestigador na may isang lalaking umano'y nanliligaw sa ina ng biktima, na laging sumusundo sa bata mula nang ito'y mag-aral sa *Ateneo*. Nabatid din ng mga alagad ng batas na si Reginaldo, kahit na mukhang kaibigan ng lumiligaw sa kanyang ina, ay tutol na maging asawa iyon ng kanyang ina.

Nabatid pa rin ng mga tiktik na ang lalaking yaong umano'y nangingibig sa ina ng biktima ay matagal nang nais pakasal sa magandang balo, nguni't, ang nagiging hadlang lamang ay si Reginaldo.

Batay sa mga nalikom na ulat, ang mga imbestigador ay mabilis na kumilos, at sa pamamagitan ng tulong ng Kagawaran ng Pulisya ng Maynila at ng isang kautusan ng hukuman na binibigyan sila ng karapatang magsiyasat sa tahanan ng kanilang pinaghihinalaan, ay pinuntahan ang bahay at ki-

nuha ang kotse at isang *scooter* na umano'y ginamit sa pagpatay kay Reginaldo.

Pagkatapos na ang kotse at *scooter* ay paraanin sa isang masusing pagsisiyasat ng NBI, ang awto ay napatunayang may mga bahid ng dugo. Dahil dito, ang Kagawaran ng Pulisya ng lunsod Quezon ay nagharap ng isang sumbong sa piskalya ng lunsod, sa salang pagpatay, sa pinaghihinalaan.

Nguni't nang ang sumbong ay mabatid ng balo, ina ni Reginaldo, ito ay nagsabing ang pinaghihinalaan ay walang kasalanan, at dahil dito, ang mga alagad ng batas ay nagkakamali sa kanilang ginagawang pag-uusig.

Ang pagsisiyasat sa mahiwagang pagkamatay ng batang Reginaldo ay lalo pang naging mahiwaga na ng kumalat ang balita na si Ginang David ay "nawawala." Ayon sa mga ulat ng mga pahayagan, si Gng. David ay umalis sa kanyang tahanan sa San Fernando, Pampanga, noong Marso 8, araw ng Biyernes, upang dumalaw sa isang kaibigan sa Imus, Kabite.

Nang sundan sa Kabite, ng mga tiktik, si Gng. David ay hindi natagpuan, nguni't may isang liham na iniwanan para sa may-ari ng bahay na kanyang tinirahan, sina G. at Gng. Manuel Flores. Ayon sa liham, siya'y umalis, nguni't dinaramdam niyang hindi siya nakapagpaalam, at nagpapasalamat sa magandang-pagtingin sa kanya samantalang siya'y naroon. Nguni't, sa kanyang liham, hindi binanggit ni Gng. David kung saan siya tutungo.

Hanggang sa mga sandaling sinusulat ito, si Gng. David ay hindi pa natatagpuan. Ang mga naghahanap sa kanya ay mga tiktik ng QCPD, konstabularya, mga pulis ng San Fernando, pulis ng Imus, Kabite, at mga tauhan ni Ten. Kor. Laureano Maraña, pinuno ng PC sa lalawigang Kabite.

Ipinahayag ng mga imbestigador ng QCPD, na sila'y may pinanghahawakan nang mga sapat na katibayan upang mapatunayang may-sala ang kanilang pinaghihinalaan.

Ang usaping ito ay na sa kamay ni Piskal Pedro Revilla ng lunsod ng Quezon.

—oOo—

## Inang Mapansinin...

*(Buhat sa pah. 13)*

daling ipinatawag ni Aling Tinay kay Celia si Doktor Ernesto de Leon. Malaki ang tiwala ni Aling Tinay sa kakayahan sa paggagamot ng matalik na kaibigan ng kanyang anak.

—Malubha ba ang karamdaman ni Alberto, Doktor? —nang matapos suriin ni Ernesto at lapatan ng karampatang lunas ang may-sakit na kaibigan ay nababahalang tanong sa kanya ni Celia.

—Ano'ng sakit niya, Doktor? —ang tanong naman ng naiiyak nang si Aling Tinay.

—*Atake de corazon!* —ani Ernesto. —May-sakit siya sa puso. Ang maipapayo ko'y huwag ninyo siyang dudulutan ng ano mang sama ng loob. Kung mapag-iingatan ay hindi naman lubhang mapanganib ang kanyang taglay na karamdaman!

Hindi nagtagal sa pagkakaratay sa banig ng karamdaman si Alberto. Dahil sa mahusay na paggamot sa kanya ni Ernesto ay madali siyang gumaling. Ang magbiyenan naman, sa hangaring huwag siyang madulutan ng ano mang sama ng loob, ay naging kainggit-inggit ang pagsasama.

—Ang sarap ng pagkakaluto mo ng ulam natin, Celia, —ang madalas na pagpuri pa ni Aling Tinay sa manugang. —Talagang eksperto ka na ngayon!

—Kaya lang ho ako humusay ay kayo ang nagturo sa aking magluto, Mama! —kasabay ng matamis na ngiti'y lagi namang itinutugon ni Celia.

Buhat noon ay hindi na nagkasamaan ng loob sina Aling Tinay at Celia.

—Kumusta ngayon ang pagpapalagayan ng iyong ina at asawa? —isang araw, na mapadalaw si Alberto sa klinika ni Ernesto ay tanong nito sa kanya. —Nagkakagalit pa ba sila?

—Mabuting-mabuti na ang pagsasamahan nila ngayon, —ani Alberto. —Nagtataka nga ako, e... Ang suliranin ko na lamang ngayon ay ang aking karamdaman! Ang aking sakit sa puso!

Nagtawa si Ernesto.

—Wala kang sakit sa puso, —aniya. —Kaya ka lamang biglang nawalan ng malay noon ay dahil sa labis na pagtatrabaho! Sobra kasi ang sipag mo, e, —at tuluyan nang napahalakhak ang manggagamot.

—Ano? —nanlalaki ang mga matang tanong ni Alberto. —Wala akong sakit sa puso? Kung gayon ay bakit mo sinabing...

—Ibig kong malutas ang iyong suliranin kaya ko ginawa ang gayon, —nakangiting paliwanag ni Ernesto. —Dahil sa pangyayaring ayaw kang dulutan ng ano mang sama ng loob ay naging mabuti ang pagtitinginan ng iyong ina at asawa... hindi ba?

Napatawa na rin si Alberto.

—Talagang mahusay ka ngang doktor, —aniya at tinapik pa sa balikat ang kaibigan. —Ngayon lamang ako humanga nang husto sa iyo! (X)

—oOo—

## ANG NAGLAHONG DAIGDIG NI BALAGTAS

NAG-AAGAW-DILIM AT LIWANAG na nang sumapit siya sa pook na hiniling niyang pagdalhan sa kanya ng Tagapaghatid. Bilang paraya sa pagsapit ng kanyang kaarawan ay pinahintulutan siya ng DAKILANG TANOD ng Pinto upang makabalik sa magulo nguni't mahal niyang bayan, nang masilayan man lamang niya pagkaraan ng maraming taong paglisan rito.

Kaagapay ang kanyang Tagapaghatid, naglakad sila sa mga lansangan. Nagmasid-masid. Ang kanilang nakita ay naglalakihang karatula sa mga salitang di niya maunawaan: IDEAL, AVENUE, SHIRT FACTORY... WAR AND PEACE... Marami, maraming hindi niya matandaan pagka't hindi niya naintindihan.

Kinabahan siya. Napalinga-linga. Natakot siyang baka nagkamali ang kanyang Tagapaghatid. Sinabi niya ritong sa Pilipinas siya ihatid!

Naisipan niyang pakinggan naman ang usapan ng mga tao sa paligid: *Taksi, Boksing, Moy, Choy, Siga-siga, Lapit sa nylon. Stretchable nylon, lapit. Manila Times, Daily Mirror... Kumusta ang deal? Sinabotage ba ang "Mt. Pinatubo"?* Marami rin siyang narinig na salita, nguni't lalo lamang siyang nalito. At madali niyang hiniling sa kanyang Tagapaghatid na ibalik na siya sa kanilang pinanggalingan.

SA MALAKING PINTUAN ay napansin siya ng DAKILANG TANOD: —Hindi ka nasiyahan, Francisco, sa pagdalaw mo sa iyong bayan? —tanong Niyon.

Hindi siya nakasagot. Tungo lamang ang ulong pumasok siya sa KALANGITAN. *Siya* ang kaluluwa ni Francisco Balagtas.

## Dambana...

*(Buhat sa pah. 14)*

raang makadayal at saglit na makapaghintay ng tugon ay pabagsak ding ibinaba ang awditibo.

—Sino ba ang tinatawagan mo?

—Sino pa, e, di ang Chit na iyon. Kapag nagkataong may nangyari'y huwag na siyang pakita sa akin. Nagtiwala ako sa kanya, Matilde.

—Siyanga pala, si Chit. Tiyak na may nalalaman siya, Pepe.

—Laging *busy* ang kanilang linya. Nakapagtataka naman.

Akmang tatayo si Ginang Buenaflor upang siya naman ang tumawag sa telepono nang tumunog ito. May dumating na tawag. Madaling tinugon iyon ni Ginoong Buenaflor. Ang tumawag ay ang ina ni Chit.

—O, ano, Misis, —ani Ginoong Buenaflor. —Talagang tatawag hu ako d'yan, e...

—............?

—Kaya pala hindi ko ma-*contact-contact* kanina pa...

—............

—E, dahil din hu sa dalawa nina Chit at Aida kaya tumatawag ako sa inyo.

—............

—Ho, ano 'kan'yo? —Nabigla si Ginoong Buenaflor.

Si Ginang Buenfalor, na nakikinig na mabuti sa pakikipag-usap ni Ginoong Buenaflor, ay napatindig at nagmamadaling napalapit sa asawa.

—Ano raw? Ano ang sinabi ni Misis, Pepe?

—Lalong mabuti, Misis.

—............

—Ano raw, Pepe?

Napabaling si Ginoong Buenaflor kay Ginang Buenaflor. Matapos takpan ang bibig ng telepono'y aniya: —Sandali lamang. Masama ang balita.

Humagulgol na ng iyak si Ginang Buenaflor. Tutop ang mukhang sumubsob sa isang supa. Impit na impit ang pamumutawi ng mga kataga sa kanyang mga labi: *Adelaida! Adelaida! Adelaida!*

—Hihintayin namin kayo, Misis. Daliin po lamang ninyo at baka kapusin tayo sa panahon. —Patuloy ang pakikipag-usap ni Ginoong Buenaflor sa ina ni Chit.

—............

—Maaaring gumawa na sila ng masama, Misis.

—............!

—Pumayapa kayo, Misis. Bayaan ninyo't pagtulungan nating... Tayo ang bahala, Misis. Tayo ang bahala... Daliin lamang ninyo ang pagparito, hane po.

—............

Bigla nguni't maingat na isinara ni Ginoong Buenaflor ang telepono. At bago siya nakahakbang ay inagaw ang kanyang tingin ng ayos ni Ginang Buenaflor na patuloy na nananangis sa supa. Mula kay Ginang Buenaflor ay natuon ang kanyang paningin sa malaking orasan sa dingding ng kabahayan: labinlimang minuto bago mag-ikasiyam ng gabi.

Larawan ng poot, napatitig si Ginoong Buenaflor sa labas ng bintana, sa mandi'y naghahamong karimlan. At nausal niya nang buong pagbabanta: —Dumating na ang pagkakataon, dumating na...

Patuloy ding bumubugso ang paghikbi-hikbi ni Ginang Buenaflor. Patuloy na namumutawi sa kanyang mga labi ang mga impit na: *Adelaida! Adelaida! Adelaida!*

Nakatitig pa si Ginoong Buenaflor sa karimlan sa labas nang muling tumunog ang telepono. At sa isang iglap ay sinagot ni Ginoong Buenaflor: —Hello?

—............

—Sino ka?... Sino? Ulitin mo! —Gimbal ang katauhan ni Ginoong Buena flor. Nanginig ang kan-

yang mga daliring nakapigil sa awditibo. At pagkatapos na marinig ang tugon sa kabilang dulo ng kawad ay ilang butil ng pawis ang kumislap sa kanyang noo. —I-ikaw nga ba, Luis? Ikaw si Dr. Luis Paculan?

(ITUTULOY)

—oOo—

## Sa Ibabaw...

(*Buhat sa pah.* 16)

Sapat na iyon upang pagtigisahang hawakan ng dalawang Hapones sa magkabilang bisig si Mang Karyas. May lima pang lalaking nakasama ni Mang Karyas na hulihin. Itinuro rin ng espiyang Pilipino ang mga iyon.

Hindi naman makalapit ang mga kamag-anak ng mga lalaking pinaghuhuli. Natitipon sila sa di-kalayuan. Hindi makalapit sapagka't nakaumang sa kanila ang mga baril ng mga Hapones. Oras na kumilos sila'y papuputukan na lamang sila't sukat.

Magkakasama ang mag-ina nina Mario. Kasama rin nila si Linda. Nasaksihan nila ang nangyari kay Mang Karyas. Nguni't hindi nila magawang lumapit. Nagpanangis si Aling Inggay. Si Linda man ay umiiyak din. Gayundin sina Fred at Victor. Tanging si Mario ang hindi umiiyak. Kagat niya nang mahigpit ang labi. Matalim ang tingin. Nguni't hindi siya nagsasalita gaputok man.

—Karyas... Karyas... —pahabol na sigaw ni Aling Inggay, at nang makitang isinasakay na sa trak ng mga Hapones si Mang Karyas, ay tumakbo siya. Sandali niyang nalimot ang panganib. Iniumang sa kanya ng isang kawal ang baril nito, nguni't bago nakapagpaputok ito ay nahawakan na ni Mario sa bisig ang kanyang ina.

—Huwag, Inay... ibig ba ninyong mamatay? —sabi ni Mario, at pilit na inilayo ang ina.

Pinauwi na ng mga Hapones ang iba pang lalaking hindi itinuro ng espiya. Pagkatapos ay dinala naman nila ang mga hinuli sa garison sa bayan.

HINDI nahahalata ng ina at mga kapatid na labis na dinamdam ni Mario ang sinapit ng ama. Halos magdamag siyang di nakatulog kinagabihan.

—Inay, sabihin ninyo ang totoo, —sabi niya sa ina nang magkausap sila

(*Sundan sa pah. 20*)

# ito ang istorya...

ni YOYONG FLORENCIO



*NOONG bata pa si Mang Beloy (at hindi pa kami tao), marami raw sa mga binata sa amin ang nangangarap na makapangasawa ng mayaman. Si Mang Beloy na rin ang nagsasabi, mabibilang daw sa kanila ang nanliligaw sa mga dalaga sa amin. Halos lahat daw sila ay nangingibang lugar sa paniningalang-pugad. At iisa raw ang hanap nila — anak-mayaman.*

*Nguni't nang nagsasama na sina Mang Beloy at Aling Marichu, unti-unti na raw nangayaw ang mga binata sa amin sa pagligaw sa mayayaman. Marami na raw ang natakot. Natakot na sumapit sa kanila ang nangyari kay Mang Beloy. Wala na raw sasaklap pa sa sinapit ni Mang Beloy, kung pag-aasawa ang pag-uusapan.*

*Ito ang istorya ng malungkot na sinapit ni Mang Beloy...*

## ANG LAKI SA LAYAW KALIMITA'Y...

SI ALING MARICHU ay talagang anak-mayaman. (Kilatisin na lang ninyo ang pangalan). Si Mang Beloy naman ay talagang mahirap. Nguni't may kakisigan si Mang Beloy. Marunong bumasa't sumulat nang bahagya. May kaunting nalalaman. Isa pa'y magaling siyang mananalita. Yaon daw ang pinag-aralan niyang mabuti noong kapanahunan nila. At ang mga katangiang ito ang pinuhunan ni Mang Beloy sa pangingibig kay Aling Marichu.

Ayon kay Mang Beloy, na sa praktika raw ang panliligaw. Matapos daw niyang makilala si Aling Marichu ay hindi raw siya nagpaaraw nang may ilang linggo. Inihanda raw niyang lahat ang kanyang mga damit na gagamitin sa pag-pormal kay Aling Marichu. Araw-araw daw ay pinagmamasdan niya ang kilos at ayos ng anak na binata ni Duktor Pepe sa kabisera. Kung ano raw ang mga isinusuot niyon ay bumili rin siya ng mga kaparis—baston, bastipol, kuwako, mga pantalong mamahalin. Napilitan daw si Mang Beloy na umitin ang papeles ng loteng kinatatayuan ng kanilang bahay at isinanla niya iyon.

Pagkatapos na maihanda ang lahat ay sinimulan na raw ni Mang Beloy ang pagdiskarte kay Aling Marichu. Batang-bata raw si Aling Marichu noon. Isang kaibigan ni Mang Beloy na nagpanggap na ahente ng mga asyenda ang nagsilbing tulay nilang dalawa.

Sa pagpormal daw ni Mang Beloy ay ingat na ingat siya. Pinag-aaralan niyang mabuti ang kanyang mga ikikilos at sasabihin. Pati ang paghawak ng baston, ang paggamit ng kuwako, ang pagdadala ng bastipol. Anupa't matagumpay daw niyang napaniwala si Aling Marichu, sa tulong pa ng kanyang kaibigan, na siya'y anak ng isang asendero, katatapos lamang mag-aral ng inhinyerya sa Europa, at kagagaling din sa paglilibot sa iba't ibang panig ng daigdig.

Minsan daw ay isinama ni Mang Beloy ang mga kaanak ni Aling Marichu sa isang pistang bayan. Sa pista raw ay kinailangang magsipaghubad sila ng sapatos pagka't tatawid pa sila ng sapa-sapaan upang marating ang bahay ng kumumbida sa kanila. Kung aalisin daw ni Mang Beloy ang kanyang sapatos ay tiyak na makikita raw ni Aling Marichu ang pamumutok ng kanyang talampakan. Ang ginawa daw niya ay lumusong na siya sa sapa nang nakasapatos. At nang itanong daw ni Aling Marichu kung bakit siya hindi naghubad ng sapatos ay sinabi niya: Nakikiliti ang paa ko pag itinuntong sa lupa, e.

Marami pa raw kakuwanang ginawa si Mang Beloy at pagkaraan ng kulang-kulang na isang buwan ay nagkaibigan sila ni Aling Marichu. Nagtanan daw sila. At nag-iiyak daw si Aling Marichu nang matuklasan ang lahat.

—Ang akala ko pa naman ay giginhawa na ang buhay ko. Na mababalik ako sa aking pinanggalingan, —ang sabi raw ni Aling Marichu.

Naitanong daw ni Mang Beloy kung ano ang ibig sabihin ni Aling Marichu. Si Aling Marcihu pala'y ampon lamang ng kinatitirhan nito. Isa nga itong anak-mayaman nguni't wala na ring kabuhayan. Nalustay ng kanyang ama ang kanilang kayamanan. Namatay daw sa sama ng loob ang kanyang mga magulang.


Nagkagayunman ay hindi raw nagbago si Mang Beloy sa pagtingin niya kay Aling Marichu. Gayondin si Aling Marichu kay Mang Beloy. Maganda raw ang paliwanag ni Mang Beloy: Ginawa lamang niya na linlangin si Aling Marichu dahil sa kalakhan ng pag-ibig niya rito.

At mapayapa silang nagsama. Nguni't ang kapayapaang yaon ay nawala nang nawala sa pagdaraan ng mga taon. Habang nagtatagal, ayon na rin kay Mang Beloy, ay lalo raw niyang pinagsisisihan ang pagkakaibig niya kay Aling Marichu. Unti-unti raw niyang naunawaan kung bakit hindi niya mapigil ang kanyang pangangayayat. Ang lahat daw ay bunga ng pagiging laki sa layaw ni Aling Marichu.

Ngayon ay natitiyak na ni Mang Beloy kung bakit buhat nang magsama sila ni Aling Marichu ay nawalan na siya ng ganang magkakain. Ang mga luto raw ni Aling Marichu ay hindi na natama sa kanyang panlasa. Ang sinigang daw ni Aling Marichu, kung hindi maasim na maasim, ay matabang na matabang. Kung minsan daw naman ay nalalasahan pa rin ang lansa ng isda, gayong labog na labog na ang panahog. Kung minsan daw naman, panay na panahog (kangkong kung kangkong) ang malalasahan mo.

Paborito raw ni Mang Beloy ang ginisang ampalaya. Nguni't matapos siyang makakain ng ginisang ampalaya ni Aling Marichu ay kinalimutan na raw niya na sa Pilipinas ay may gulay na tinatawag na ampalaya. Isinumpa raw niya ang ampalaya. Paano, nang maggisa nga ng ampalaya si Aling Marichu ay nakakain daw siya ng marami. Talagang paborito raw niya ang ampalaya. At higit kailanman ay noon siya nangangayayat nang husto. Napurga raw siya ng ginisa ni Aling Marichu. Huli na raw nang mamalayan niyang napakapait pala ng pagkakaluto ni Aling Marichu sa ampalaya. Napurga raw siya ng ginisa. Nasabi raw tuloy ni Mang Beloy noon na mabuti pang uminom na lamang siya ng *aseite de castor*. At mula rin daw noon, makakita lamang siya ng ampalaya, para siyang lalagnatin.

Buhat din daw nang nagsasarili na sila ni Aling Marichu ay kung bakit daw lagi na siyang nahihirapan sa kanyang mga isinusuot. Laging parang ikinahihiya niya ang kanyang damit. At ngayon ay natitiyak na niya. Hindi na raw natuwid ang pagkakapalantsa ni Aling Marichu sa kanyang mga pantalon. Gayondin ang kanyang mga polo, kundi raw kabilan ang kuwelyo


PAKANLURAN ANG MGA WEGON!
ni
WALT DISNEY
ANG PUNONG SIOUX NA KAPATID NI LOBO AY SUMUGOD SA DI-KUMIKILOS NA SI MUNTING KULOG... KASUNOD ANG MANGGAGAMOT NA SI MABITUIN...
PAGKABAGSAK NG BATA!
MAINGAT NA BINUHAT NG MABANGIS NA PUNO ANG BATANG WALANG MALAY AT DINALA SA KAMPO NG SIOUX...
TIYAK NA MAPAPAHAMAK TAYO NITO!
NAGTAPON NG MABAGSIK NA TINGIN SI MABITUIN SA NANGAGHIHINTAY NA MGA PUTI.
ISANG ORAS PA, MAY MGA INGAY NA NAGBUHAT SA KAMPO NG MGA SIOUX...
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
DUMADALANGIN ANG MGA BABAING SIOUX!
NANGANGAHULUGANG WALANG NAGAGAWA ANG MANGGAGAMOT NILA PARA ILIGTAS ANG BATA!
PATAWIRIN ANG BATANG INDYAN!
LUMITAW SI DOC NA DALA ANG KASANGKAPAN--AT MAY BALAK NA ISASAKATUPARAN...
DOC!
H'WAG KANG ULOL, DOC! LUMAYO KA SA MGA INDYAN!
MALUBHA ANG BATA, AT AKO'Y MANGGAGAMOT! DAPAT AKONG TUMULONG!
1-13
HINTAY! SASAMA AKO!
AKO RIN! MAGING ULOL NA TAYONG LAHAT!
Distributed by King Features Syndicate.
ILANG SANDALI PA'T NASA KUBOL NA NG PUNO NG SIOUX ANG TATLONG MANLALAKBAY NA PUTI...
MAINAM ANG DALAWANG GAMOT SA ISA! AKO TUTULONG SA MUNTING KULOG!
ITUTULOY...


EDGAR RICE BURROUGH
TARZAN
MAY POOT NA SINALUNGAT NG DOKTOR-KULAM ANG REYNA, NAGSABING MAY MAMAMATAY KAPAG PINAMALAGI ANG MGA TAONG PUTI.
"KAYONG MGA GINOO AY MAIIWAN AT MAKIKIPAGHAPUNAN SA AKIN," MATATAG NA SABI NI KATHY. "NGUNI'T MAGPAPA-LAMIG MUNA KAYO."
ANG MGA MANLALAKBAY AY DINALA SA BAHAY NA PAMPANAUHIN. ANG NA-GUGULUHANG SI WALTER KEYS AY TUMANGGING PUMASOK.
"MAUNA NA KAYO," MARA-HAN NIYANG SABI. "I-IBIG KONG PAG-ISIPAN ANG TUNGKOL SA AKING PA-MANGKIN."
DICK VAN BUREN JOHN CELARDO
PAGKATAPOS, MAY NAGANAP NA PAGBABAGO SA KANYANG SARILI AT PA-LIHIM SIYANG PUMASOK SA KUBOL NG DOKTOR-KULAM.
by United Feature Syndicate, Inc.
"ANO ANG IBIG MO, TAONG PUTI?" USIG NG DINATNAN. "NANINIWALA AKO," BULONG NI WALTER, "NA MAGKAISA TAYO NG DAMDAMIN--"
12-16-1345
"KAYA IBIG KITANG TULUNGANG PATOTOHANAN ANG IYONG HULA--YAONG MAYROONG ISANG MAMAMATAY!"


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
nina LEE FALK at PHIL DAVIS
NARDA, BILANG ISANG NAGWAGI SA PANDAIGDIG NA TIMPALAK KAGANDAHAN, DAPAT AY IKAW LAMANG MAG-ISA ANG NARIRITO--SA MALIWALAS NA BUKID.
BAKIT? BAKIT? DI BA TAPOS NA ANG TIMPALAK? DAPAT AY MAPABAAKIN NA ANG LAHAT NG IBIGIN KO.
1
HUWAD! IKALAWANG GANTIMPALA AKO--
MAGDARAYA--AKO'NG PANGATLONG GANTIMPALA--
TAMA KAYO--PASUKIN NATIN ANG PINTUAN!
2
DOC--ANG PROMOTOR NG TIMPALAK--
HINDI--ISA LAMANG ANG TANGING NAGWAGI--SI NARDA ANG NANALO--MAY ISANG POOK SIYANG PUPUNTAHAN--
DAKPIN SIYA!
BAYAAN N'YONG AKO ANG MAKIPAG-USAP!
BOLERO!
3
NGAYON--SABIHIN MONG LAHAT ANG TUNGKOL KAY NARDA!
BILANG TAGAPAGWAGI, DAPAT SIYANG PUMUNTA SA ISANG POOK--PARA KUNIN ANG GANTIMPALA. AYWAN KO KUNG SINO ANG NAGPADALA NG MGA ALITUNTUNIN--
4
HETO ANG POOK. HAYUN SILA.
BAKIT?
HMM--WALA PANG NANGYAYARI--
5
1-13
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
MANDRAKE--ANONG--?
AYWAN KO--TUMATAAS TAYO--
6
DI KAGINSA-GINSA--ISANG SINAG BUHAT SA KAITAASAN--AT SILA'Y TINANGAY PAITAAS!
ITUTULOY-



señor MISERABLE
Nobela ni PATROCINIA R. MARCELINO
Guhit ni ELMER E. ESQUIVIAS
IKA-34 labas
Ang nakaraan
SA PAGDIDILIRYO NI AUGUSTO DAHIL SA KATAASAN NG LAGNAT, NASABI NIYA ANG KANYANG NAGDAAN, SAMPU NG KATOTOHANANG HINDI NIYA TUNAY NA ANAK SI LOLITA. NABIGKAS DIN NIYA ANG MALAONG TINITIMPI SA DIBDIB -- NA INIIBIG NIYA ANG DALAGA. LAHAT NANG ITO'Y NARINIG NI LOLITA, AT NANG KINAUMAGAHANG MABUTI-BUTI NA SI AUGUSTO, HINARAP NIYA ITO...
ISANG TANONG LAMANG, ITAY... AT IBIG KONG ITO'Y SAGUTIN N'YO NANG TUWID!
AKO BA'Y TUNAY N'YONG ANAK O HINDI?!
PARANG PINUTUKAN NG BOMBA SA MUKHA SI AUGUSTO!
BA-BA-BAKIT KA NAGTANONG NG GANYAN, LOLITA?
SUMAGOT KAYO, ITAY! OO O HINDI?!
NAROONG HINDI MALAMAN NI AUGUSTO ANG ITUTUGON... GIPIT NA GIPIT... NANG BIGLANG...
BRAT-TAT-TAT..RAT-TAT-TAT-TAT!
PUTUKAN! SA LOOB NG GUBAT!
SAGLIT NA NALIMOT ANG KAGAGANAP LAMANG, BIGLANG NAPADUNGAW ANG DALAGA, AT...
DIYOS KOOOHH! SI DANIEL!
HAAA?!
SI DANIEL NGA, AT SA AYOS, ITO'Y HINAHABOL...!
DANIEL! DANIEEELL! DITO! DITOOO!
BOSES NI LOLITA! SALAMAT SA DIYOS!
LALONG NAPABILIS ANG TAKBO NG GERILYERO, NANG BIGLANG...
AGGGH! ANG PAA KO!
BRAT-TAT-TAT-TAT... RAT-TAT-TAT!
AT SA KUBO...
SI DANIEL! TINAMAAN SI DANIEL, ITAY! SAKLOLOHAN MO SIYA!
HINDI! HINDI SIYA DAPAT PAKIALAMAN! MGA HAPONES ANG HUMAHABOL SA KANYA! MAPAPAHAMAK TAYO!
SABAY SA ISANG TUNGAYAW AY PATAKBONG NANAOG ANG DALAGA, AT...
DANIEL! NARIYAN NA AKO, DANIEL!
L-LOLITA! HUWAG! TUMAKAS KA NAAA!
HINDI! HINDI KITA MAAARING IWAN! MAMAMATAY NA TAYONG DALAWA RITO, KUNG KAILANGAN!
HINDI, LOLITA! HINDI KA DAPAT MAMATAY! INIIBIG KITAAAHH!
NATIGILAN DOON ANG DALAGA, NGUNI'T SAGLIT LAMANG... AT NAKARATING SILA SA KUBO!
ITAY! UTANG NA LOOB! ILIGTAS N'YO SI DANIEL! SA NGALAN NG DIYOS, ITAY!
KUNG ANO ANG PUMASOK SA ULO, BIGLANG SINUNGGABAN NI AUGUSTO ANG SANDATA NI DANIEL...
NGAYON AKO MAKAGAGANTI!
ITAYY?!
HUWAG, ITAY! HUWAAAG!
KLIK-KLAK.
MABIBIGLA KAYO SA WAKAS NG KASAYSAYANG ITO! TATAPUSIN!


BUHAT NANG MAULILANG LUBOS, SI ANGELO AY NATUTONG MAG-MAHAL SA SALAPI. NAGSIKAP SIYA SA PAGHAHANAPBUHAY HANGGANG SA MAKATIPON. HINDI SANA MASAMA, NGUNI'T DAHIL SA LABIS NA PAGMAMAHAL NIYA SA SALAPI AY NAWALAN NA TULOY NG PAKIKIPAGKAPUWA...
BIGYAN PA NAMAN NINYO KAMI NG KAUNTING PALUGIT, MANG ANGELO! WALA NGA LANG KAMING MAGAWA...
KUNG IILITIN NINYO ANG KAISA-ISA NAMING KALABAW AY ANO PA ANG IPAKAKAIN NAMIN SA AMING MGA ANAK! MAAWA KAYO SA AMIN...
SALAPI
KUWENTO ni P.S. ARGUELLES
Guhit ni TEMY BAUTISTA
WALA AKONG MAGAGAWA! LUMAMPAS NA ANG TANING NA PANAHON! DAPAT NINYONG ALALAHANING HINDI AKO ANG NAG-ALOK NG ATING KASUNDUAN! KAYO ANG LUMAPIT SA AKIN!
NANAOG NA BIGO ANG MAG-ASAWA. AT KINABUKASAN, NASA KAMAY NA NI ANGELO ANG KALABAW NA SIYANG TANGING IKINABUBUHAY NG DUKHANG MAG-ANAK...
DALHIN MO 'YAN KINA PINONG, DESTO! MAY USAPAN NA KAMI! HINTAYIN MO ANG PERA AT IBIBIGAY NA SA IYO...
OPO...
DAHIL SA LABIS NA KATUSUHAN, NAGKAMAL NG SALAPI SI ANGELO, HANGGANG SA TAWAGING DON...
TALAGANG PUPUNTA AKO SA INYO, DON ANGELO! MANGHIHIRAM SANA ULI AKO NG MGA... LIMAMPU!
AREGLADO! ANG MGA KATULAD MONG MABUTING MAGBAYAD AY HINDI MAPAPAHIYA SA AKIN! PERO TREINTA PORSIYENTO RIN ISANG BUWAN, GAYA NANG DATI!
BAGAMAN MARAMING NANGANGAILANGAN NG SALAPI ANG LUMALAPIT KAY DON ANGELO, LALONG MARAMI ANG NAGAGALIT SA KANYA...
HAYAN SI MUKHANG SALAPI! NI HINDI MAKABATI SA HINDI N'YA NAKUKUWALTAHAN!
AT ISANG ARAW...
HINDI KO NA ITO MAUUBOS! HE-HE... PERO KAILANGANG MARAGDAGAN PA! IBA NA ANG MARAMING-MARAMING SALAPI!...
MEDYO NAGULAT PA ANG DON NANG MAKARINIG NG KATOK SA PINTO. AT NANG BUKSAN AY...
ANO'NG GUSTO MO? UMAGANG-UMAGA E INIISTORBO AKO NITO!
E... KAILANGANG-KAILANGAN KO LANG HO SANA ANG MGA SAMPUNG PISO! NAWALAN KAHAPON SI UUAY SA PAGTITINDA, AT IAABONO LAMANG NAMIN SA...
WALA! WALA AKONG KUWALTA! ANG MGA KATULAD MONG DI KO SIGURADO KUNG MAKAKABAYAD E HINDI KO PINAPATULAN!
KAHIT NA HO LIMA... MAKATAKIP LAMANG SA...
WALA SABI E! MAULIT KA BA!
MASAMA ANG LOOB NA UMUWI ANG LALAKI...
ANO... BINIGYAN KA BA NI DON ANGELO?
HINDI! PINAWALAN AKO! HINDI RAW S'YA PUMAPATOL SA TULAD NATING WALANG IBABAYAD! PERO KITANG-KITA KONG MARAMING HAWAK NA KUWALTA! NAGBIBILANG YATA NG KAN-YANG KAYAMANAN!
NAGKAKINDATAN ANG DALAWANG LALAKING NAKARINIG SA USAPAN NG MAG-ASAWA. AT MAKALIPAS ANG WALA PANG ISANG ORAS, LUMAGANAP ANG ISANG BALITA...
PINATAY DAW NG MASASAMANG-LOOB SI DON ANGELO!
'YAN DIN ANG BALITA KO! NILOOBAN DAW!
AYAW RAW IBIGAY ANG SALAPI, KAYA INUTAS!
SA MALAKING TAHANAN NI DON ANGELO...
NATANGAY NA LAHAT ANG KANYANG SALAPI!
ANG SALAPING PINAKAMAMAHAL NIYA AY SIYA RING UMUTAS SA KANYANG BUHAY!
WAKAS


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-3 LABAS
ang nakaraan:
NAGTAKA SI LEANDRO NANG MAKI-LALANG ANG TUMUGTOG NG PIYANO AY ANG DALAGANG NILIMUSAN NILA NANG SINUN-DANG ARAW. NAGLAKAS-LOOB SIYANG PUMASOK UPANG MALAMAN ANG TILA MAHIWA-GANG MGA PANGYAYARI...
NAPUTOL ANG PAG-UUSAP NG DALAWA NANG SA-LALAPIT ANG KAPATID NG DALAGA AT...
ATE... LUMAKAD NA TAYO AT SAYANG ANG ORAS! MARAMI PA TA-YONG KIKITAIN!
SIYENGA PALA!... PERO, AKO NA LANG! DUMITO KA NA SA BAHAY AT BANTAYAN MO ANG NANAY...
Katha ni EDDIE RAÑOLA
SINO'NG AAKUMPANYA SA 'YO?
KAHIT NA WALA, MAAARI NA RIN! LALONG MAHIRAP ANG WALANG KASAMA ANG NANAY! MA-TINDI NGAYON ANG SUMPONG NG KANYANG SAKIT!
KINUHA NG DALAGA ANG KANYANG AKORDIYON AT LALAKAD NA, KASUNOD SI LEANDRO, NGUNIT...
ATE... IWANAN MO KAMI NG KAHIT MAGKANO! MA-HIRAP ANG WALA KAMING PERA, BAKA...
WALA NA AKONG PERA, RENE! IBINAYAD NATIN SA DOKTOR ANG KINITA NATIN KANINA...
DAHIL SA MA-LABIS NA PAGKAAWA SA MAG-IINA, DUMUKOT SI LEANDRO NG LUWANG PISO AT...
NAITO, TOTOY... ITO'Y TU-LONG KO NA SA IN-YO...
E... NAKAKA-HIYA NAMAN YATA SA INYO, GINOO...
HUWAG KAYONG MAHIYA! IYAN AY BUONG-PUSO KONG IPINAGKAKALOOB...
SA PAHINTULOT NG KAPATID, TINANG-GAP NG BATA ANG PERA. NAGLALA-KAD NA ANG DALAWA NANG MULING MAGTANONG SI LEANDRO SA DALAGA TUNGKOL SA BUHAY NG MGA ITO...
HUWAG KANG MA-HIYANG MATAPAT SA AKIN NANG KA-TOTOHANAN! IBIG KO LAMANG MA-LAMAN ANG TILA MA-HIWAGA NINYONG KASAYSAYAN PAGKA'T HINDI AKO MAKAPANIWA-LANG ANG ISANG KATULAD MONG... MAGANDA... AT MAY NALALAMAN PA SA MUSIKA... AY NAGSISIKAP NA MABUHAY AT BUMUHAY NG MGA KARUGTONG NG HININGA SA GANYANG PARAAN...
ITURING MO AKONG ISANG KAIBIGAN NA NAHAHANDANG TU-MULONG SA INYO! ANG PANGALAN KO'Y LEANDRO... LEANDRO MIJARES!
SALAMAT, MISTER MIJA-RES... TERESA MARQUEZ NAMAN ANG AKING PA-NGALAN...
MARQUEZ!... KAA-NU-ANO MO ANG DA-KILANG KOMPOSITOR NA SI FEDERICO MARQUEZ?
SIYA'Y AKING AMA...
HA?
OO, MISTER MIJARES! AMA KO SI FEDERICO MARQUEZ! KAYA NGA KUNG NATATANDAAN NINYO AY NASABI KO KA-NINA NA DUMAAN DIN SA AMIN ANG ISANG GINTONG KAHAPON! ...HINDI KAPANI-PANIWALA ANG KINAHINATNANG ITO NG AMING KA-PALARAN!
SANDALING HINARAP NG DALAGA ANG KANYANG ABANG "HANAPBUHAY", HA-BANG SAKMAL NG LALO PANG MALA-BIS NA PAGTATAKA ANG BINATANG TILA DI MAKAPANIWALA SA TINURAN NI TERESA MARQUEZ...
NATAPOS ANG MARIKIT NA TUGTU-GIN. ISANG MAKISIG NA LALAKI ANG NA-NAOG BUHAT SA TAHANAN...
BAKIT HINDI KA TUMAPAT KAHAPON? HINTAY PA NAMAN AKO NANG HINTAY AT IPAGPA-PARANGALAN KITA SA MGA KAIBIGAN KO! IBIG KA RIN NILANG MAKILALA...
NAUNTOL ANG PAGSAGOT NI TERESA NANG HAWAKAN SIYA NG LALAKI AT...
HALIKA MUNA ...MAY IBIBIGAY AKO SA 'YO! ISANG MAGAN-DANG REGALO!
SALAMAT! ...HUWAG NA...
SIGI NA... SANDALI LANG!
HUWAG NA AT NAGMAMADALI AKO! BITIWAN MO AKO...
HUWAG MO SIYANG PILITIN KUNG AYAW, MISTER!
ITUTULOY—

## PINAKAMAHUSAY NA KARPINTERO

SI TIROK (palayaw) ay bagong karpintero. Ang kauna-unahan niyang parokyano ay si Ka Huwan. Isang bahay na may labindalawang haligi ang ipinagawa ni Ka Huwan. At nasara ang kanilang kontrata na tatapusin ni Tirok ang bahay sa loob ng dalawang buwan.

Nguni't sinisimulan nang gawin ni Tirok at ng kanyang mga anluwage ang bahay ni Ka Huwan ay hindi pa nakikita ng matanda ang plano. Kaya't isang araw ay kinausap si Tirok.

—Hindi ko yata gusto ang nangyayari, Tirok, —bungad ni Ka Huwan.

—Bakit, Mang Huwan, hindi ba ninyo nagugustuhan ang balangkas? —tanong ni Tirok.

—Hanggang ngayon, e wala ka pang ipinakikitang plano ng magiging bahay ko.

—Plano! —Sambot ni Tirok.

—Aba'y di s'yempre naman. Mayro'n ba namang gumagawa ng bahay nang walang plano!

Natawa si Tirok at nagpaliwanag:— Itong si Mang Huwan, oo. Parang hindi mo naman alam na hindi ako gumagawa ng basta-basta plano. Ang pirmi kong gusto'y maganda at perpekto ang plano, 'yung hindi n'yo mapipintasan... Kaya para gumanda ang planong ipiprisinta ko sa inyo, tatapusin ko muna'ng bahay n'yo bago ko gawin 'yon. Sa gayon e, siguradong kamukhang-kamukha ng bahay n'yo ang plano!

Napanganga si Ka Huwan.




## Ang Ama...

*(Buhat sa pah. 15)*

natigil na, sapagka't ang kanyang mga magulang ay walang maitustos upang maipagpatuloy niya ang pagtuklas ng karunungan sa lunsod ng Maynila.

Hindi man magsalita ay napuna rin ng kanyang mga magulang ang kalungkutan ni Kiko. Isang gabi ay lihim na nag-usap ang d a l a w a n g matanda, at kinabukasan ay pinapaghanda ng matandang lalaki si Kiko at iniluwas ng Maynila. Si Francisco ay ipinasok bilang isang utusan sa tahanan ng mga Trinidad sa daang Bilbao, purok ng Tundo, sa kasunduang papag-aaralin ang bata.

Nang dumating ang pasukan, si Kiko ay isa na sa mapapalad na batang nag-aaral sa *Colegio de San Jose.* Sa kolehiyong iyon ay lalong lumawak ang isip ni Kiko. Dito ay natutuhan niya ang mga karunungan sa *Gramatica Castellana, Gramatica Latina, Geografia* at *Fisica, Doctrina Cristiana* at marami pang iba na lubhang kailangan bago matamo ang karunungang *Canones.* Sa kolehiyong yaon ay nakilala ni Kiko si Padre Mariano Pilapil, ang paring siyang kumatha ng "Pasyong Mahal ng Ating Panginoong Hesukristo".

Noong 1812, sa gulang na dalawampu't apat na taon, ay matagumpay na nakaraos sa pag-aaral si Kiko. Makalipas pa ang dalawang taon ay nagpaalam na siya sa pamilya ng mga Trinidad, na masasabing siyang nagbukas sa kanya ng landas tungo sa isang magandang hinaharap.

Mula sa Tundo ay nanirahan si Kiko sa bayan ng Pandakan (nang mga panahong yaon, ang Pandakan ay isa pang bayan na may sariling Alkalde Mayor), sa bahay ng isa niyang kaibigan. Sa bayang ito nakilala ni Kiko sina Magdalena Ana Ramos at Maria Asuncion Rivera, na kapuwa nagkaroon ng pitak sa kanyang puso. Sa dalawang dilag ay higit na naging matimbang si Maria para sa binata, kaya't hindi nagtagal ay pinagtapatan ito ni Kiko ng pag-ibig.

Hindi nasiphayo si Kiko sa kanyang pag-ibig kay Maria, nguni't yaon ay nagkaroon ng isang hadlang sa katauhan ng isang anak-mariwasa na siyang mahigpit na mangingibig ng dalaga. Ang binatang mayaman ay siyang umisip ng paraan upang si Kiko ay makulong.

Sa loob ng madilim na bilangguan ay nalikha ni Kiko ang kanyang walang kamatayang "Florante at Laura." Sa tulang ito ay inilarawan ni Kiko ang pagmamalupit ng mga may-salapi sa mahihirap at ang dinaranas na kaapihan ng kanyang bayan sa kamay ng mga maykapangyarihan.

Nang lumabas sa piitan si Kiko ay muli siyang nanirahan sa Tundo. Dito ay sumulat siya ng mga dulang moro-moro na itinanghal sa *Teatro de Tondo* na noon ay nakatayo sa kinalalagyan ngayon ng istasyon ng bumbero sa purok ng Tundo. Sa kanyang pagsusulat ay napag-isip-isip ng binata na walang mangyayari sa kanya, kaya nagtungo sa Balanga, Bataan, sa bahay ng isa niyang naging kamag-aaral sa Maynila.


Dahil sa angking katalinuhan ni Kiko, madali siyang naipasok ng isang kaibigan bilang kawani sa isang *Juez de residencia* at katulong na kawani ni Victor Figueroa, i s a n g eskribano ng bayan. Ang gawain ni Kiko bilang kawani ay maglibot sa mga karatig na bayan ng Balanga upang subaybayan ang takbo ng pamahalaan. Sa mga paglilibot na iyon ay nakilala niya ang isa sa pinakamaganda at ubod ng yamang dalaga sa bayan ng Orion, si Juana Tiambeng. Hindi nagtagal at ang pagkikilalang yaon ay humantong sa harap ng dambana noong ika-22 ng Hulyo, 1842.

Matapos ang pag-iisang dibdib nina Kiko at Juana ay pamalagiang nanirahan sila sa Orion. Naging maligaya ang pagsasama ng dalawa at nagkaroon sila ng mga supling.

Datapwa't ang masaya at tahimik na pamumuhay ng mag-anak ay biglang dinatnan ng isang mariing dagok ng kapalaran. Si Kiko ay napaghinalaang may kinalaman sa pagpapaputol ng buhok sa ulo ng isang alila ni Alperes Lucas. Ipinagharap siya ng sakdal sa hukuman. Ang usapin ay ipinaglaban ng maybahay ni Kiko, hanggang sa ang kanilang kabuhayan ay unti-unting maubos. Nguni't wala ring nangyari. Si Francisco ay naparusahang mabilanggo ng apat na taon.

Nang lumabas sa bilangguan si Francisco Balagtas ay isa nang ganap na mahirap. Hindi na siya muling natanggap sa dati niyang gawain sa bayan. Mula noon ay nagbalik siya sa kanyang pagsusulat. Ang gabi ay ginawa niyang araw, hanggang sa ang mahina niyang katawan ay dapuan ng karamdaman.

Ang mga tula ni Francisco Balagtas ay siyang naglagay sa wikang tagalog sa mataas na pamantayan. Ang kanyang "Florante at Laura" ay siyang nagbigay kay Rizal ng inspirasyon upang sulatin ng ating bayani ang kanyang "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo" na siyang naging daan upang ang "bayang api" ay mag-alsa laban sa pamahalaan ng bansang Espanya. (X)



# "KAHAPON AT NGAYON"

**NAGKAROON SIYA NG ISANG MASAMANG ASAL BUHAT PA SA KAMUSMUSAN, AT ANG GAYO'Y LABIS DIN NIYANG INILUHA AT PINAGSISIHAN**

***Pagtatapat ng isang Pulubi kay Benito R. Cadiz***




"Ang napagbuntunan ko ng galit ay ang pagkain, at..."

KUNG pagbalikan kong bakasin sa isip ang aking kahapon, di ko maiwasang kamuhian ang aking sarili. Sapagka't ako'y naging isang masamang anak ng Diyos. Hindi ko natutuhang mahalin ang isa sa pinakamahalagang biyayang ipinagkaloob Niya sa akin.

Hindi naman ako napakasamang tao. Sa abot ng aking pananda, hindi ako nakalabag minsan man sa alinmang batas ng sangkatauhan. Nguni't ang isang bagay na nakagawian ko ay maituturing na isa na sa pinakamalubhang magagawa ng tao sa balat ng lupa —ang pagtatapon ng pagkain. Ngayon ko lamang ganap na napagkilala ang kasumpa-sumpang inaasal ko nang mga panahong yaon... ngayong umikot na ang gulong ng palad at ang mga pangyayari sa aking buhay ay katumbalikan na nang may dalawampung taon ang nakaraan.

Nag-iisa akong anak na lalaki ng aking mga magulang. Sunod na sunod ko ang aking layaw sa aking ama't ina, gayundin sa aking mga kapatid. Aliw raw ako sa aming tahanan, sabi ng aking ama. Ako raw ang pag-asa nila sa kinabukasan, sabi naman ng aking ina. Mahal na mahal nila ako. Sinusunod ang balanang maibigan.

Dahil sa malabis na pagmamahal ng aking mga magulang, lumaki ang aking loob. Sumibol sa aking katauhan ang isang napakasamang asal. Sa tuwing may ikinagagalit akong ano mang bagay, sa tuwing may isinasama ako ng loob, ay hindi ko mapigil ang aking sarili. Kahit na ano ang madampot ko ay ibinabalibag ko. Kahit na baso o pinggan ay hindi ko pinangingimiang basagin. Higit sa mga iyan, kahit na ang pagkaing grasya ng Diyos, gaya ng malimit sabihin ng aking ama't ina, ay hindi ko pinakukundanganang itapon at isabog.

Napakasama nga ng aking asal, na hindi ko napagkilala nang mga panahong yaon.

Minsan, tandang-tanda ko pa, ay nakagalitan ako ni Tatay, sapagka't umuwi ako noon na lasing.

—Ano ang mapapala mo sa alak! —ang sabi pa ng aking ama. —Walang manginginom na humantong sa mabuti. At ngayon pa'y sinasabi ko sa iyong hindi ko mapapayagang ikaw ay maging lasenggo!

Nangatwiran ako sa aking ama. At dahil sa nakainom nga ako ay napalakas ang aking mga pagsagot. Sa kauna-unahang pagkakataon, noon lamang ako pinalo ni Tatay. Hindi naman ako nagpamalas ng paglaban. Nagsawalang-imik na lamang ako pagka't alam kong masamang magagalit ang aking ama. Nguni't nang na sa harap na ako ng pagkain, nag-iisa ako pagka't huli akong dumulog sa hapag, ay sa pagkain naibunton ko ang aking galit at init ng ulo. Tinabig ko ang pinggan ng kaharap kong kanin at ulam kaya sumabog sa sahig.

Mabuti na lamang at nalingid kay Tatay ang aking ginawa. Si Nanay lamang ang nakaalam ng ginawa kong kalapastanganan sa grasya ng Diyos. Pinagsabihan ako ni Nanay at pinangaralan.

—Dapat mong alalahanin, Anak, na ang taong buhong sa pagkain ay nagdaralita sa buhay, —ang wika pa ng aking Ina. — Mangilabot ka sa parusa ng Diyos!

May ilang araw ding parang laging naririnig ko ang salita ni Nanay. At may ilang araw ding napigilan ko ang kapusukan ng aking loob kapag dumarating ang init ng aking ulo. Nguni't ang kinahiratihang gawi ng isang tao ay talagang umiiral yatang lagi. Sapagka't isang hapon, nilapastangan ko na naman ang pangunang biyayang ikinabubuhay ng bawa't kinapal.

May kausap ako noon na isang kaibigan upang manood ng sine. Humihingi ako ng pera sa aking ama. Nguni't nagkataong may lagnat noon si Nanay, kaya hindi na ako binigyan ng pera ay hindi pa ako pinayagang umalis ng bahay.

—Ipagpaliban mo na ang sineng iyan, —sabi pa ni Tatay. —Mahiya ka naman sa ina mo. Alam mong may sakit siya ay uunahin mo pa ang sine!

—Pero may kausap ako, Tatay... —sabi ko. —Nakakahiyang hindi ako sumipot. Maghihintay siya.

—Mas mahalaga pa ba sa iyo ang ibang tao! Kanina ka pa hinahanap ng Nanay mo! Alam mo namang malambing siya kung magkasakit... at ikaw ang ibig na laging katabi.

Ipinilit ko ang ganang akin. Iginiit din naman ni Tatay ang kanyang nais. At wala akong nagawa kundi ang sumunod pagka't nagalit na siya nang dakong huli. Subali't masamang-masama ang aking loob. Hindi ako lumapit sa aking ina, kahit na narinig kong tinatawag ako. Hindi rin ako sumalo sa aking ama sa pagkain.

Nagmumukmok ako sa kuwarto nang marinig kong dumarating ang aking ina. Hindi rin ako nakatiis na di siya tingnan upang alamin ang kanyang kalagayan. Sa kabila ng lahat ay mahal ko si Nanay. Inusisa ko siya kung ano ang kanyang lagay. Mabuti-buti na raw naman ang kanyang pakiramdam.

Sa pag-uusap namin ni Nanay ay naitanong niya kung ano ang pinag-usapan namin ni Tatay. Ipinagtapat ko naman ang tutoo, ang tungkol sa paghingi ko ng pera upang manood ng sine.

Nguni't aywan ba kung ano na naman ang sumumpong sa akin, nakaramdam na naman ako ng tila paghihimagsik ng loob. Naalaala ko ang kaibigan kong marahil ay nainip ng kahihintay sa akin, na hindi ko naman sinipot.

Kaya walang imik na lumabas ako. Sa kusina ako nagtuloy pagka't na sa salas ang aking ama. Nakita kong naghahain ang isa kong kapatid na dalaga. Tinanong ako kung bakit masama na naman ang aking mukha. Nguni't sa halip na sumagot o magpaliwanag, ang napagpihitan ko na naman ay ang pagkain sa mesa. Tinabig ko nang ubos-lakas at muling sumabog sa sahig, kasabay ng pagkabasag ng ilang pinggan.

Napasigaw ang aking kapatid. Napasugod ng labas ang aking ama. At nang malaman ang ginawa ko ay binirahan ako ng sunud-sunod na sampal.

Noon, halos di ko natiis ang sakit ng parusa ni Tatay. Hindi ko rin natagalang pakinggan ang masasakit na salitang iniukol sa akin ng aking ama at mga kapatid. Hindi ko rin halos natagalang salubungin ang nanlilisik na mga paningin ng aking magulang at mga kapatid. Nguni't ang gayo'y hindi ko labis na ininda at dinamdam... hindi katulad ngayong dinaranas ko na ang lalo pang masakit na parusang kabuntot ng kalapastanganan kong yaon sa grasya ng Diyos!

Sapagka't ngayon, ang mga pangyayari ay katumbalikan nga ng mga araw na yaon may dalawampung taon na ang

(*Sudan sa pah.* 31)

# Iba't-ibang KULAY sa PUTING-TABING

**Pitak ni EDDIE RAÑOLA**

Si Zaldy Zshornack ay masasabing kabilang sa mapapalad na artista ng Premiere. Hindi pa natatagalang ibinunsod siya ng samahan upang maging ganap na bituin ay dumating na naman ang isa pang magandang pagkakataon para sa kanya. Nakatakda siyang lumabas sa isang pelikulang gagawin sa Hollywood, ipinahayag kamakailan ng prodyuser na si Cirio H. Santiago. Ang pamagat ng pelikula ay "Sweethearts".

Ang nakatakdang maging katambal ni Zaldy ay si Shirley Gorospe, ang nahirang na "Bb. Pilipinas" ng Amerika, na nabalitang malimit makasama ni Zaldy sa mga pagtitipon bago umalis na patungo sa ibang bansa may dalawang buwan na ang nakararaan.

Ang "Sweethearts", na isasapelikula ng C. H. Santiago Film Organization, ay sinulat ni Eddie Romero at pamamahalaan ni Direktor Gerry de Leon.

Sa sandalnig matapos ni Zaldy ang dalawang pelikulang ginagawa pa niya sa kasalukuyan ay lilipad na siyang patungo sa Hollywood. Isang bagay lamang ang ngayon pa'y pinangangambahan na ng kanyang mga kaibigan at kasamahan sa estudyo: na baka pagdating doon ni Zaldy ay makaakit siya ng mga amerikana... at di na makauwi sa Pilipinas!

---

Pagkatapos na pagkatapos gawin ni Charito ang "Walang Sugat" ay nagbakasyon siya sa Baliwag, Bulakan. Sa mga sandaling sinusulat ito, si Charito, kasama ang kanyang ina at mga kapatid, ay nagtatamasa ng masasayang sandali sa pinagbakasyunang bayan. Wala siyang ginagawa araw-araw kundi matulog, mamasyal, kumain ng masarap at magbasa. Nirarasyunan siya ng maraming itlog at gatas tuwing umaga upang lumusog ang kanyang katawan. Iba na nga naman ang malakas pagka't may itatagal sa pagod at hirap kapag dumating na naman ang panayang siyuting.

Isang kasamang bituin sa estudyo ng LVN ang ngayo'y maaaring "nangungulila" kay Charito. Maaaring humingi din siya ng bakasyon upang sumunod sa Baliwag at... magtamasa rin doon ng masasayang sandali!

---

Isang araw, samantalang nagkakatipun-tipon sa Sampaguita ang ilang bituin, ay humahangos na dumating si Amalia Fuentes.

—Magsiluhod kayo... nariyan at dumarating ang mga anak ng Diyos! Sambahin natin!

Nagkatawanan ang maglia. Nangapalingon sila at nakitang dumarating sina Gloria Romero, Lolita Rodriguez at Luis Gonzales. Ang tatlo'y kabilang sa mga tampok na bituin sa "Mga Anak ng Diyos" ng Vera-Perez Productions.

Hindi katulad ng dati, medyo tahimik si Gloria at bihirang sumagot sa pagbibiro ng mga kasamahan.

—Talagang iba na ang nagiging "anak ng Diyos", —panunukso ni Chaning Carlos. —Nagiging banal at... kumibo-dili!

Si Gloria ay nagkataong masakit lamang ang ulo. Kaya hindi na kinibo ng mga kaibigan.

Ang "Mga Anak ng Diyos" ay siyang ikalawang produksiyon ng VPP at malapit nang mapanood sa puting-tabing.

---

Isang dalaga ang naging tudlaan ng tuksuhan nina Maning Songco, PRO ng Everlasting, sa kanilang estudyo kamakailan. Ang dahilan: hindi lamang na-


# Isang Kaugaliang Pilipino...



Nakaugalian na ng mga Pilipino lalo na sa Katagalugan, ang pagdaraos sa patapos ng isang yumaong kamag-anak ng isang malaking pagdiriwang na pinangungunahan ng pagkanta ng rosaryo sa saliw ng banda ng bayan. Bukas ang bahay ng pamilya at ang lahat ng mga taga-nayon ay malayang sumama sa pagdarasal at pagdiriwang.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng—

## GINEBRA SAN MIGUEL

*"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"*

Sa loob ng mahigit na isang daang taon, ito ang nakapagdudulot ng higit na kasiyahan sa mga kapistahan at masasayang pagtitipon sapagka't LASA ANG LAGING NAGSASABI— nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL!



**MAKINIG SA:**
"Edong Mapangarap", DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 nang gabi; "Mga Kuwento ni Lola Basyang", DZPI, Biyernes, ika-8:00-8:30 nang gabi; "La Tondeña Grand Amateur Contest", DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 nang gabi.

*isang produkto ng*


**LA TONDEÑA, INC.**



Sino ang di magaganyak maligo sa ilog kung ang mga bituing ito ang makakasama sa paliligo? Kuha ang larawan nang magpiknik sa Pansipit kamakailan ang mga taga—Sampaguita, na kinabibilangan nina Amalia, Susan, Daisy, Barbara, Tito Galla, Tommy Corales, Jr., Marichu Vera-Perez at maraming iba pa.



Sina Alicia Vergel at Jose Velez, sa isang tagpo sa "MASKARA" na pinamamahalaan ni Direktor Teodorico C. Santos. Kung ano ang ikinatatakot ni Alice... iyan ang di natin malaman.



Sa anyong ito nina Charito at Leroy ay sapat nang mahinuhang sakbibi ng kaligayahan ang kanilang mga puso! Tagpo sa "TIRIRIT NG IBON" ng LVN, isang pelikulang lipos ng pag-ibig.

abutan kaagad ng kinukukot na mani ni Teresa Mendez ay nagmukmok na ang dalaga sa isang sulok ng estudyo. Nang lumapit sa umpukan si Celia Fuentes ay walang katawa-tawang aniya:

—Hayaan ninyo siya... talagang ganyan ang laki sa layaw!

Ang pinagtutuksuhanan ay dili iba't si Mila Nieva, isa sa mga tumutupad ng pangunang papel sa "Laki sa Layaw ng Everlasting Pictures, kasama nina Celia, Teresa, Tony Cruz, Jr. at maraming iba pa.

---

Nabalitang "nakipagkasira" raw si Emma Alegre sa "lalaking nagmamay-ari ng kanyang puso". Kung ito'y tutoo, magandang balita para sa mga tagahanga ni Emma, lalo na sa mga may iniingatan ding "lihim na pagsinta" sa marilag na bituin!

---

Isang matalik na kaibigan ang pinagtapatan umano ni Eddie Rodriguez ng isang mahalagang lihim: tutoong umiibig siya sa isang dalaga, na isa ring tanyag na bituin. Kung sino ay huwag daw ipagmamakaingay. Nguni't ayon sa lumalaganap na balita sa estudyo ng LVN, maikakaila pa kaya kung sino iyon?

---

Nagkagalit daw minsan si Dolphy at si Luis Gonzales. Sandali lamang daw naman at muling "nagbatian". Ang dahilan: nahuli raw ni Luis na tinititigan ni Dolphy ang isang "lihim na itinatangi." At medyo nanibugho.

"Me tali ka na, e..." medyo pabirong sabi pa raw ni Luis.

"E, ano...?" sagot daw naman ni Dolphy. "Masama bang tumingin sa isang *kagandahan?*"

Ewan kung paglalambing lamang, nagpitikan na nga raw sa ilong ang dalawa. Nguni't nagbatian din pagkatapos.

Ang tanong ay ito: sino ang tinitigan ni Dolphy?

---

Si Myrna Delgado ay nakatagpo naming minsan sa "down town". Hindi gaya ng dati, siya'y mukhang malungkot. Nang usisain namin kung bakit ay wala naman palang malaking dahilan. Para lamang daw laging nakadikit sa kanyang isipan ang malungkot na kasaysayan ng isang pelikulang nilalabasan niya.

—Ang buhay na inilalarawan sa pelikula naming iyon ay lubhang makatotohanan, at maaaring mangyari sa akin, sa inyo... sa sinoman, —ang wika niya. —Kaya aywan kung bakit parang laging na sa aking alaala.

Ang tinutukoy niyang pelikula ay ang "ANG BUHAY SA BUNDOK" na isinasapelikula ng Rudy Robles Productions. Katambal niya sa pangunang papel si Amado Cortez, at kasamang mga bituin sina Letty Ojera, Leonora Ruiz, Nello Nayo, Maria Luisa, Roberto Dantes, Rey Bautista at ang komikerong si Tuko. "Screen play" ni Jose C. Garcia at sa direksiyon ni Rudy Robles.



Isang madamdaming tagpo sa "MGA ANAK NG DIYOS" ng Vera-Perez Productions. Pinamahalaan ng tatlong batikang direktor sa puting-tabing, ang pelikulang ito ay malapit nang itanghal.

## Kahapon ...

(*Buhat sa pah. 28*)

nakalipas. Kanluran at silangan ang pagkakaiba ng tagpong yaon ng kahapon sa tagpong nagaganap sa kasalukuyan. Kung nooh ay itinatapon ko ang masasarap na pagkain sa bahagyang pag-iinit ng ulo o pagsama ng aking loob, ngayon ay lumuluhang nanghihingi ako at kung minsa'y namumulot pa ng pagkaing labi lamang ng aking kapuwa! Ang kapirasong ulam at ilang subong kaning halos itapon na ng iba, ay paduhapang kong sinisimot upang maipagtawid-oras ng aking sarili at ng aking asawa't mga anak! At hindi ko na matatakasan ang kalagayang ito sa habang panahon, pagka't ako'y isang pulubing sa ganitong paraan lamang nabubuhay!

Humantong ako sa ganitong kapalaran pagka't namatay noong panahon ng Hapon ang aking mga magulang at tatlong kapatid nang mabagsakan ng bomba ang aming bahay. Ako lamang ang himalang nakaligtas, nguni't naputol ang isa kong paa upang maging inutil sa habang panahon. Kaipala'y itinalaga ito ng Diyos upang madama ko ang bigat ng nagawa kong pagkakasala sa paglapastangan sa tanging biyayang ipinagkaloob Niya sa akin! (X)

——oOo——

## Sa Ibabaw ...

uwan si Inay at ang kapatid kong maliit. Dahil... ako lamang ang lalaki sa amin. Kaawa-awa raw si Inay at ang kapatid ko. Pero ngayon...

—Ibig mo nang maggerilya? —pananarok ni Mario.

—Oo, —mabilis na sagot ni Imon.

—Sasama ako sa iyo. Maggegerilya rin ako.

—Talaga bang tandis ka? —tila nag-aalinlangang tanong ni Imon.

Tumawa si Mario. Mapait na tawa. —Parang hindi mo 'ko kilala! Maliit nga ako at bata kaysa iyo, pero nakita mo na bang may inurungan ako sa away? Hindi ba sabi mo kaya gusto mong ako ang kabarkada sa galaan e dahil buo ang loob ko?

—Sige. Lalakad tayo ngayong araw na ito. Pagkakain ng tanghalian. Hindi na ako magpapaalam kay Inay. Ikaw, magsasabi ka ba na inyo?

Humalakhak si Mario. —Ano, naloloko? Bakit pa ako magsasabi e sa hindi naman ako papayagan. Basta areglado. Mamayang makakain. Pupuntahan kita rito.

Nang makapanaog ng bahay nina Imon si Mario, muli niyang nadama ang damdaming yaon na laging sumasakanya tuwing makagagawa siya ng labag sa mga alituntuning ukol sa ugali at pangingilos na ipinamata sa kanya ng mga magulang. Ngayo'y nakadarama siyang muli ng paglaya... ng kalakasan... At batid niyang walang makapipigil sa kanyang binabalak ngayon.

(ITUTULOY)

# "WOMAN OF THE RIVER"

MAKISIG at may malaking pangangatawan, si Gino Lodi (Rik Battaglia) ay isang kontrabandista. Sa Connachio, lahat ng babaing manggagawa sa imbakan ng isda ay napaibig niya. Tanging si Nives (Sophia Loren) ang mailap sa kanya.

Dahil sa kailapan ni Nives, ipinasiya ni Gino na angkinin ang dalaga. Sa isang sayawang idinaos sa nayon na dinaluhan ni Nives ay dumating sina Gino. Nagulo ang sayawan at nagkaroon ng labulabo.

Nagkunwang ibig iligtas si Nives, isinakay ni Gino ang dalaga sa kanyang motorsiklo. Nagkaibigan ang dalawa. Tatlong araw silang nagtalik sa dampa ni Nives. Pagkaraan noo'y nagpunta sa Gorino si Gino at hindi na bumalik kay Nives. Si Tosca (Lise Bourdin) ang umaliw sa dalaga.

Pagkalipas ng dalawang buwan ay nagdalang-tao si Nives. Patuloy pa rin si Cinti, isang alagad ng batas, sa pagligaw sa kanya at sa paghimok na isuplong ang kontrabandistang si Gino. Sa halip na tumalima, nagtungo si Nives sa Gorino at pinapag-ingat si Gino sa pulisya. Nagalak si Gino, nguni't nang malamang nagdadalang-tao si Nives, ay kinasuklaman ito.

Dahil sa sama ng loob, nagsuplong si Nives sa maykapangyarihan, at kinabukasan ay dinakip si Gino at hinatulang mabilanggo.

Bumalik si Cinti sa Connachio makalipas ang dalawang taon. Si Tosca ang naghimaton sa kanya ng kinaroroonan ni Nives. Nagtungo si Cinti sa ilog na pinagtatrabahuhan ni Nives. Naiwan ang mga batang binabantayan ni Ivana, kabilang si Tunin, ang anak nina Gino at Nives.

Muling iginiit ni Cinti ang pag-ibig niya kay Nives. Sinabi pang tumakas si Gino at maaaring iyon ay maghiganti, kaya't niyayang sumama sa kanya si Nives. Tumanggi si Nives.

Nang magbalik si Ivana sa nayon, ibinalita ng mga bata na si Tunin ay nawawala. Hindi nakita si Tunin kaya ipinalagay ng mga taong dinukot ng mga engkantada. Si Cinti ang nagsabing si Gino ang maaaring dumukot kay Tunin, kaya't pinaghanap nila si Gino.

Natagpuan ang nalunod na si Tunin sa may tabi ng ilog. Pinangko ni Nives ang bangkay ng anak, pabalik sa nayon. Doon nagkatagpo si Nives at si Gino...

Kung ano pa ang sumunod na mga pangyayari, ay siyang ilalarawan ng "Woman of the River"...





*Si Nives at si Gino Lodi (Rik Battaglia) sa isang tagpong lipos ng pag-ibig sa "Woman of the River."*

*Nang matagpuan ni Nives (Sophia Loren) ang kanyang patay na anak sa pampang ng ilog. Ang naging kabuntot ng malungkot na pangyayaring ito ay siyang higit na nakapagparikit sa takbo ng kasaysayan.*

# Mga Dakilang Simulain At Panuntunan Ng Pangulong Magsaysay



1. "Pagiral ng Pamahalaang nakatalaga sa kagalingan ng mga karaniwang tao ng bansa."

2. "Ang kapos sa biyaya ng buhay ay kailangang magkaroon ng higit na biyaya ng batas."

3. "Ang maliit na mamamayan ay may karapatan sa dagdag na pagkain, dagdag na pananamit, at dagdag na bubong na kanyang silungan."

4. "Isang mataas at matatág na uri ng moral ang kailangang makapanaig sa lahat ng hanay ng pamahalaan."

5. "Ang pulso ng Pamahalaan ay kailangang maging malakas at matibay at ang mga lalaking na sa kanyang ugit ay kailangang magtaglay ng matatag na tatak ng paninindigan."

6. "Ang masigasig na pagkilos sa lahat ng antas ng Pamahalaan ay kailangang mahalili sa mabagal at hindi tumutugong burokrasya.

7. Ang malayang daigdig ay buo at malakas at walang dahilan o matuwid upang ipailalim ang kalayaan ng tao.

8. Ang Komunismo ay kawalan ng Diyos at kailangang panatilihin ng ating mga mamamayan ang kanilang Pananalig at Paniniwala sa Maykapal.

9. Ang Nasyonalismong Pilipino ay humihingi ng kaligtasan ng bansa at pagpapaunlad sa pamantayan ng pamumuhay ng mga karaniwang mamamayan bilang mahahalagang adhikain nito.

10. Kailangang mabuo ang masikhay na kapamayanang nakababatid ng kanilang tungkulin at pananagutan, walang takot sa kanilang pakikilaban sa mga katiwalian.

---

"Nang magsimula ang taning ng ating panunungkulan, inihayag nating ang kaligayahan at kaligtasan ng karaniwang tao ay magiging pangunang adhikain natin.

"Ang ating malasakit sa karaniwang tao ay hindi atas lamang ng damdamin. Isang katotohanang hindi mabubuhay ang isang bansa nang walang ligtas na sandigan ng mariwasa at nasisiyahang kapamayanan. Naniniwala tayong ang mabuti sa karaniwang mamamayan ay mabuti rin sa kabuuan ng bansa.

"Samakatuwid, ang bawa't patakaran ng ating pangasiwaan ay nauukol sa kanyang kagalingan. Nailunsad natin ang ating pambansang mithiin ukol sa karaniwang mamamayan.

"Ang ating nagawa sa mga baryo ay kumakatawan, sa aking paniniwala, sa buong katuparan ng adhika ng pangasiwaang ito. Malayo na ang narating natin sa pagdudulot sa mga taga-baryo ng kaluwagan tungo sa kasaganaan at kaunlaran...

"Nakapagsimula na ang ating mga mamamayan sa mapayapang pagbabangon at paglipol sa ugat ng kawalan ng katarungan at kasamaang-panlipunan, at sa pagtataas sa kanilang tunay na kahalagahan at karangalan.

"Kailangang pangalagaan at sinupin natin ang ating pakinabang, at itaguyod ang ating pasulong na hakbang."—MAGSAYSAY